# *Pagtawag Kay Jesus Sa Eksena*

Babasahin natin ang Salita ng Panginoon. Sa Ebanghelyo ni Mateo, sa—sa ika-8 kabanata, simula sa ika-23 talata, mababasa natin ang ganito:

> *At pagkalulan niya sa isang daong, ay sinundan siya ng kaniyang mga alagad.*
>
> *. . .narito, bumangon ang isang malakas na bagyo sa dagat, na ano pa't inaapawan ang daong ng mga alon: datapuwa't siya'y natutulog.*
>
> *At nagsilapit sila sa kaniya, at siya'y* ginising, *na sinasabi, Panginoon, iligtas mo kami: kami'y mangamamatay.*
>
> *At* sinabi *niya sa kanila, Bakit kayo'y nangatatakot, Oh kayong kakaunti ang pananampalataya? Nang magkagayo'y nagbangon siya, at sinaway ang mga hangin at ang dagat; at humusay na totoo ang panahon.*
>
> *At ang* tao *ay nangagtaka, na sinasabi, Anong tao ito, na maging ang mga hangin at ang* mga dagat *ay nagsisitalima sa kaniya!*

2 Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon para sa panalangin.

3 Makalangit naming Ama, lubos po kaming nagagalak sa gabing ito na malaman na Yaong dakila na Siyang nagpapatalima sa mga hangin at dagat ay kasama namin. Nagpapasalamat kami na may dakila kaming patotoo ng Kanyang tuluy-tuloy na pagkabuhay hanggang sa araw na ito, at pagkabatid na Siya ay Walang Hanggan, at di Siya kailanman mamamatay. Siya'y nabubuhay magpakailanman, at ipinakita ang Kanyang dakilang awa sa amin, na mga anak ng tao sa mga araw na ito. Kami'y mga taong nangangailangan, Panginoon, labis na nangangailangan na wala nang iba pang makatutugon sa aming mga pangangailangan kundi Ikaw lamang. Kaya inaasahan namin ngayong gabi na dumating Ka sa pagtitipon namin dito, at ipakilala ang Iyong Sarili sa amin, sa pamamagitan ng pagpapatawad sa aming mga kasalanan, pagpapalago sa aming pananampalataya, Panginoon, at pagpapagaling sa aming mga karamdaman at mga kapighatian. At sa pag-uwi namin sa aming mga tahanan, ngayong gabi, nawa kami'y maging masaya, na magsasabi gaya nung mga taga-Emaus, "Hindi ba't nag-alab ang ating mga puso sa

loob natin habang kinakausap Niya tayo sa daan?" Sapagkat hinihiling po namin ito sa Kanyang Pangalan. Amen.

Makakaupo na kayo.

4 Para akong si Zaqueo; napakaiksi nung mga bagay-bagay rito sa akin palagi. Gusto kong mangusap sa inyo pansumandali ngayon bago natin ipanalangin ang mga maysakit. Pinasasalamatan ko kayo para sa mainam n'yong kooperasyon, at sa pananampalataya sa Espiritu, kagabi, habang nangungusap kami, nagtitiwala na 'yun ay magiging dakilang pagbuhos ng Kanyang mga pagpapala.

5 Laging tandaan kung ano ang ipinarito natin, 'yun ay sikaping itaas ang pananampalataya n'yo sa Kanyang Presensya, para matanggap n'yo ang hinihiling n'yo. Kaya naman, sa pamamagitan ng pananampalataya, kayo'y manampalataya.

6 Ngayon, tandaan, bawat pagpapala ukol sa pagtutubos ay binili na. Binayaran na ang halaga, may nag-iisang paraan lang para matanggap n'yo ito, 'yun ay sampalatayanan ito at tanggapin ito. "Siya ang Dakilang Saserdote ng ating pagpapahayag." Sinasabi roon ng Hebreo, ng sulat sa Hebreo, ang sabi, "Siya ang Dakilang Saserdote ng ating pagkilala." Ang pagkilala, at pagpapahayag, ay parehong bagay, hayan nga. Kaya tayo. . .Siya ang Dakilang Saserdote ng ating pagpapahayag, kaya naman wala Siyang magagawang anuman para sa atin hangga't ipahayag muna natin na ginawa na Niya 'yun. At pagkatapos kapag naipahayag na natin ito, haya't Siya ang Dakilang Saserdote, isang tagapamagitan, na kikilos para sa bagay na 'yun at isasakatuparan ito. Kaya dumadalangin tayo, nagtitiwala sa Diyos ngayong gabi, sa Kanyang kabutihan at habag, na pagkakalooban Niya tayo ng Kanyang kasaganahan ng biyaya, ngayong gabi. At ngayon, alalahanin n'yo, kinakailangan n'yo itong tanggapin.

7 Ngayon mananalangin tayo para sa mga maysakit bago tayo umalis, papatungan sila ng mga kamay, pero umaasa ako na sana magkaroon kayo ng sapat na pananampalataya na di n'yo na kakailanganin pa 'yun. Sana'y magawa n'yo na itaas lamang ang kamay n'yo at sabihin, "Panginoong Jesus, nananampalataya po ako sa Iyo. Ako—ako. . . " Kanyang sinasampalatayanan ang Salita.

8 Ngayon, kita n'yo, ang Diyos ay iba sa atin. Kung—kung may sasabihin tayo na isang bagay para gawin n'yo, at hindi n'yo paniniwalaan, buweno, sasabihin natin, "Bahala sila. Di naman nila kailangang paniwalaan ito." Pero hindi ganoon ang Diyos nating Ama. Patuloy Siyang gagawa ng iba pang paraan para kayo'y manampalataya. Sisikapin Niyang tuparin ang Kanyang Salita, at tutuparin Niya ang Kanyang Salita.

9 Ngayon ang dahilan kung bakit ginagawa Niya ang mga bagay na ginagawa Niya ngayon, ay dahil nangako Siyang

gagawin ang mga ’yun. Hindi dahil sa kailangan Niyang gawin ’yun; bagkus nangako Siya na gagawin ito, at ’yun ang katiyakan natin na lagi Niyang tinutupad ang Kanyang pangako.

10 Ngayon bawat isa sa inyo, kapag may mga mahal kayo sa buhay, na may sakit, at iba pa, na nakaupo, kung di nila. . . tulad nitong munting batang babae rito, napakabata pa niya, at nasa ganyang kondisyon siya; sa sandaling kayo’y manampalataya, ipatong n’yo ang mga kamay n’yo sa bata habang nagpapatuloy ang gawain. Maging ang iba, na may mga mahal sa buhay, na sa puso n’yo ay inaalala n’yo sila; sa pamamagitan ng pananampalataya’y idulog n’yo sila sa harap ng Diyos, sa panalangin. Ngayon, at, kaya naman, kung ganoo’y manampalataya kayo. Kapag may bagay na mangyayari, kayo’y . . .

11 Hindi n’yo mapipilit ang sarili n’yo na manampalataya. Kayo, isa itong bagay, na isang katangian na nasa inyo. “Ang pananampalataya ay kapanatagan,” hindi lang kathang-isip. “Ito’y kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na sinasampalatayanan mo, at hindi mo nakikita.” At ang lahat, na buong kagayakan ng baluti ng Cristiano ngayon, alalahanin n’yo, ay sa pamamagitan ng pananampalataya. Lahat ng sobrenatural, pag-ibig, kagalakan, kapayapaan, pagpapahinuhod, kabutihan, kaamuan, pagtitiis, lahat ng ’yan ay mga bagay na di-nakikita. Yan ang buong kagayakan ng Cristiano. Palaging tumitingin ang Cristiano sa mga bagay na hindi niya nakikita, dahil nakatingin siya sa isang pangako.

12 Dito medyo may katagalan na, maraming taon na ang nakalipas, pinatawag ako, minsan, sa isang ospital, para ipanalangin ang isang binatilyo na naghihingalo na, dahil sa itim na dipterya. Maraming beses ko na itong nabanggit, dahil katangi-tanging kaso ito para sa akin. Medyo may edad na ’yung tatay, at nanay. At itong binatilyo’y mga nasa labing-apat na taong gulang, sa palagay ko, at siya ang nag-iisa nilang anak. At naghihingalo na siya, dahil sa itim na dipterya, at biglang may nangyari sa puso niya. Nawalan siya ng malay. At sila’y halos. . . Ang binatilyo, oh, halos—halos agaw-buhay na siya; Nakalimutan ko lang kung ano ’yung—’yung tibok ng puso niya; napakababa nung paghinga niya.

13 At walang humpay na dumadalo sa pagtitipon ang matandang tatay, at nakikiusap, nakikipagkita sa tagapangasiwa, at sa lahat. “Pumunta po kayo, ipanalangin! Pumunta po kayo, ipanalangin! Yun lang po, pumunta lang sa ospital at manalangin.”

Sabi ng tagapangasiwa, “Dalhin mo ang binatilyo mo sa pagtitipon.”

14 Sabi "Hindi namin siya puwedeng ilabas ng ospital. Naghihingalo na siya." At sabi, "Kung makakapunta lang po si Kapatid na Branham, hihiling siya sa Diyos, ipagkakaloob 'yun ng Diyos."

Sa isip-isip ko, "Grabeng pananampalataya!"

15 Nagpunta ako sa ospital, at ayaw akong papasukin ng mga doktor. Sabi nila, "Hindi, isa kang kasal na lalaki, may mga anak ka." Maliit pa noon si Billy Paul. Sabi, "Hindi ka puwedeng pumasok," sabi, "dahil may anak ka."

16 Tapos sabi ko, "Ngayon, naiintindihan ko na 'yung doktor mismo'y Katoliko." Sabi ko, "Kung nais ng pari na maggawad ang huling sakramento sa binatilyo, kung siya'y Katoliko, papayagan mo ba ang pari na makapasok?"

17 Sabi, "Iba 'yun. Wala naman kasing anak ang pari." Kita n'yo? Sabi, "Baka mahawaan mo kasi ng mikrobyo ang anak mo."

18 Tapos sabi ko, "Pero, tingnan mo, po. Hayaan mong akuin ko ang responsibilidad. Pipirma ako ng kasulatan. Aakuin ko ang responsibilidad. Kung wala akong sapat na pananampalataya para pumasok diyan para dun, kung ganoon wala akong karapatan na pumasok, sa una pa lang." Kaya sabi ko, "Pero aakuin ko po ang responsibilidad." At sabi ko, "Isipin mo ngayon, kung ang binatilyong 'yun ay Katoliko, at naghihingalo na siya; at pipigilan mo ba, sa anumang paraan, ang pari na maggawad sa kanya ng huling sakramento ng simbahan?"

Sabi niya, "Hindi, hindi ko gagawin 'yan."

19 Sabi ko, "Ako'y parang ganoon sa kanila gaya nung pari sa isang Katoliko."

20 At sabi niya, "Sige," at sa wakas ay sumang-ayon na siya. Binihisan niya ako na parang Ku Klux Klan, parang ganoon, lahat ng kung anu-ano na balot na balot ako, at—at pinapasok na ako sa kinaroroonan nung munting binatilyo, na naghihingalo.

21 Ang tatay at nanay ay nakaluhod sa magkabila. At nanalangin ako ng isang simpleng maikling panalangin, "Panginoong Jesus, nagtitiwala ako sa Iyo na ibabangon Mo ang binatilyong ito, sa pa-. . .sa batayan ng pananampalataya ng tatay at nanay na narito," tapos ipinatong ko ang mga kamay ko sa munting binatilyo. Wala siyang malay nang tatlo, magtatatlong araw na, sa palagay ko, at halos di na siya humihinga. Tapos tumayo ako, sinabi, "Amen." Nanalangin sandali, at tumayo na.

22 Tapos niyakap nung matandang tatay ang nanay, at sinabi, "Isipin mo, mahal, magaling na ang anak natin!" Kahit walang tanda. At nagyayakapan sila, at nagpapasalamat sa Panginoon.

23 At 'yung munting nars, munting dalagita, o munting binibini, pala, nasa mga labing-walo, dalawampung taong gulang siya. May paha siya na pang-nars, at siya. . .o, siya'y

nagtapos ng pagiging nars. At sabi niya, "Ginoo, sa tingin ko po hindi n'yo nauunawaan." Sabi niya, "Mamamatay na ang binatilyo."

Sabi nung lalaki, "Oh, hindi. Mabubuhay ang binatilyong 'yun." Sabi nung tatay.

24 At sabi, "Paano n'yo nagagawang kumilos nang ganyan, samantalang ang inyong . . . alam n'yo na mamamatay na ang anak n'yong lalaki, haya't nabigyan lang kayo ng maling pag-asa?"

Sabi, "Hindi 'yun maling pag-asa." Siya . . .

25 Sabi nung nars, "Tingnan n'yo po." Ngayon maaaring ako . . . Marahil may doktor na nakaupo rito ngayon. Hindi ako maalam sa mga bagay-bagay sa medisina, at tungkol sa mga instrumento sa medikal na termino. Nilapatan nila 'yung binatilyo ng parang cardiogram, at napakababa nung tibok ng puso niya. Tuluy-tuloy na mababa. Sabi nung doktor . . . Inulit nung nars 'yung sinabi ng doktor, sabi niya . . . "Hindi pa kailanman nangyari sa kasaysayan, na kapag bumaba nang ganyan ang puso, ay muli pa itong maibabalik."

26 Hinding-hindi ko makakalimutan 'yung itsura nung tatay. Lumapit 'yung matanda na kitang-kita sa kanya ang pagiging tatay at ipinatong ang kamay niya sa balikat nung munting nars. Sabi niya, "Kapatid na babae," sabi niya, "kita mo, nakatingin ka kasi sa tsart na 'yan." Sabi, "Yun lang ang marapat mong alam, ang tumingin diyan. Pero," sabi, "Pero nakatingin ako sa Makalangit na pangako."

27 Ang binatilyo'y isa nang misyunero sa Aprika ngayon, may tatlo nang anak. Kita n'yo? Kita n'yo? Nakasalalay nga ito sa kung anong tinitingnan n'yo, kita n'yo. Sumampalataya siya.

28 Ngayon, 'yun ang siya ring pananampalataya, "Kung magpupunta Ka't ipapatong ang Iyong mga kamay sa aking anak." "Kung sasabihin Mo ang Salita, ang aking lingkod . . . " Kita n'yo, bagay 'yun na nasa inyo. Inyong—inyong . . .

29 Haya't hindi 'yun—hindi 'yun akto-akto lang. Sinampalatayanan 'yun nung matandang lalaki. Nakakapit siya sa Isang Bagay.

30 Yung babae na humipo sa Kanyang kasuotan. "Kung mahihipo ko lang ang Kanyang kasuotan!" Ganoon nga. Kinakailangan n'yong panghawakan ang pananampalatayang 'yun, sa kaibuturan ng puso n'yo. Para itong sinasabi n'yo . . .

31 Alam n'yo, kayong kalalakihan, kung kayo'y—kung kayo'y matinong uri ng asawang lalaki, wala nang babae sa mundo na mamahalin n'yo na tulad ng pagmamahal n'yo sa asawa n'yong babae. Marahil may ibang kababaihan na mas kaakit-akit, marahil may mga kababaihan na—na mas—mas—mas magandang babae, at kung ano pa, pero may kung anong bagay,

na kung mahal mo talaga ang asawa mo, may kung ano *riyan* na hindi mo pansin kahit ano pang itsura niya, mahal mo kasi siya, at di mo—di mo alam kung bakit, pero mahal mo siya; at, mga kababaihan, ganoon din kayo sa asawa n'yong lalaki, mahal n'yo—mahal n'yo. At ganoon kayo na mga dalaga sa nobyo n'yo; mga nobyo sa nobya, kung makatagpo n'yo 'yung tao na alam n'yong mahal n'yo, may kung ano *riyan* na alam n'yong mahal n'yo sila.

32 Buweno, ganoon din ito sa pananampalataya, *alam* n'yo na mangyayari ito. Walang anino, kahit gaano mang karami ang magsabi ng salungat, naniniwala pa rin kayo sa siya ring bagay na 'yun, dahil tunay 'yun, ganap na tunay na pananampalataya. Ngayon taglayin n'yo 'yan ngayong gabi, habang pinag-uusapan natin ang paksang ito.

33 Napakarami ko nang beses na nangusap, at babad ako sa mga pagtitipon, wala pa akong pahinga, halos, mula noong Pasko. At medyo paos ako sa lalamunan ko, dahil sa pabago-bagong panahon, at oras, at iba pa.

34 Nais kong mangusap sa inyo ngayong gabi ukol sa paksang, "gisingin si Jesus," o: *Pagtawag Kay Jesus Sa Eksena*.

35 Mula sa binasa natin sa Kasulatan, nasumpungan natin dun na nagkaroon ng malaking pagtitipon. Naglilibot-libot si Jesus, na gumagawa ng mga dakilang kababalaghan, gumagawa ng mabuti sa tuwina, at ginagawa mismo ang nakalulugod sa Diyos. Nagbibigay-lugod Siya sa Diyos sa tuwina, pero hindi Siya nagbibigay-lugod sa Kanyang Sarili, sabi ng Biblia. At nasumpungan natin na ganap Niyang ipinakilala ang Kanyang Sarili, kung Sino Siya, sa pamamagitan ng Kanyang mga gawa. Ipinakilala ng Kanyang mga gawa kung Sino Siya.

36 At lumalabas ang bisa mula sa Kanya. Nagtuturo Siya ng mga parabula, buong araw, at may bisa na lumalabas mula sa Kanya. At Siya'y . . . tatawid noon ng dagat, sa kabila, tatawid sa kabilang ibayo. Dahil sa kung sino Siya, alam Niya—alam Niya na may malaking trabaho na naghihintay, sa kabilang ibayo. At pagod na pagod Siya. Lumalabas ang bisa mula sa Kanya, buong araw, habang hinihipo Siya ng mga tao sa pamamagitan ng kanilang pananampalataya, para sampalatayanan Siya, at iba pa. At Siya'y . . .

37 Lumabas ang bisa mula sa Kanya, at Siya'y pagod. Kaya nagtungo Siya sa likuran ng bangka at nahiga sa isang unan, 'yan ang sinasabi sa atin ng Kasulatan, para magpahinga nang kaunti habang tumatawid ang bangka sa dagat, tinatawid 'yung Dagat ng Galilea, pagkakataon 'yun para makakuha ng kaunting pahinga.

38 Nagtig-isang sagwan ang mga alagad, at itinaas ang mga layag, at tulad mismo ng ginagawa ng mga mandaragat. Sila, 'yun 'yung kanilang, marami sa kanila, ay 'yun ang kanilang

hanapbuhay. Sila'y mga mangingisda roon sa dagat, at—at alam nila kung paano paandarin 'yung ganitong mga bangka. At mistulang balik-hanapbuhay sila, at sadyang nagtatamasa ng oras ng kagalakan, oras ng pagbubunyi, marahil pinag-uusapan ang tungkol sa mga bagay na nangyari noong araw na 'yun.

39 Alam n'yo, may kung anong bagay tungkol dito, na kapag nakikita natin ang Panginoon nating Jesus na gumagawa ng mga bagay-bagay, at batid na Siya ito, na wala ngang kung sinong iba ang makagagawa nito kundi Siya, tayo nga'y. . . Kapag nagsama-sama tayo, tayo mismo'y. . . Gustong magpatotoo ng lahat. Gustong magsalita ng lahat, at gusto nilang pag-usapan ang tungkol dito. Maaari kayong magdaos ng rebaybal sa iglesya n'yo; maaaring mangusap ang inyong pastor ng isang kahanga-hangang mensahe, o 'yung ebanghelista, o kung sino man; o maaaring nakasaksi kayo ng isang partikular na bagay na nangyari, o kung ano man sa magkakapitbahay, may gumaling. Magtitipun-tipon ang magkakapitbahay at pag-uusapan ito. "Grabeng kamangha-mangha! Naroon ka ba? Kung nakita mo lang sana 'yun. Pinaka katangi-tanging bagay nga 'yun." May kung anong bagay sa mga gawa ng Diyos na nakakapanabik sa puso ng tao kaysa sa anupamang ibang bagay na nangyayari. May. . . Sadyang di makakalimutang karanasan kapag makaugnay natin ang Panginoong Jesus at makita ang mga bagay-bagay na ginagawa Niya, na lubos na dakila't kamangha-mangha ang Kanyang mga pamamaraan.

40 Ngayon nasumpungan natin na nagbubunyi sila ukol sa mga gawa na ipinamalas noong panahon na 'yun ng rebaybal, at marahil maihahalintulad ko tayo, ngayong gabi, na parang ganoon noon.

41 Ngayon katatapos lang nating masaksihan ang isa sa pinakadakilang rebaybal, sa paniwala ko, na nakita kailanman ng mundo, nitong huling sampu, labing-limang taon. Isang—isang rebaybal mismo, na di katulad noong panahon ni Billy Sunday, o noong panahon ng rebaybal ng Welsh, o noong panahon ng—ng Wesleyan na rebaybal, o nung rebaybal ni Moody, o rebaybal ni Billy Sunday, talagang laganap na pandaigdigang kaganapan, sa palibot ng mundo. May mga dakilang gawain ng pagpapagaling at naglalagablab na mga apoy ng rebaybal na lumalagablab sa halos lahat ng burol sa mundo. Ngayong gabi mismo, doon sa mga lupain ng Aprika, doon sa Tsina at Japan, ang Ebanghelyong ito'y ipinapangaral, at ang mga tao'y pinapagaling sa mismong minutong ito, sa palibot at palibot ng mundo. Isa ito sa pinakadakilang rebaybal, dahil, naniniwala ako, isa ito sa mga huling rebaybal na makikita ng mundong ito, isang rebaybal na lalaganap sa buong mundo.

42 Pero ngayon, nitong huling ilang taon, humupa ito. Hindi n'yo na napapansin ang kasigasigan sa mga tao, na dati'y mayroon.

43 Naalala ko na nagkaroon ako ng pribilehiyo, sa pamamagitan ng Espiritu Santo, na pangunahan ang rebaybal na 'yun na nagsimula, noong nagpakita ang Anghel ng Panginoon sa ilog at sinabi 'yun, mga ilang taon na ang nakalipas. At ang makita itong mangyari, at makita ito na pinag-aalab ang puso ng mga ministro, sa lahat ng dako, sumiklab mismo ang mga rebaybal. Aba, dati'y pagpasok mo pa lang ng gusali, at ang mga tao'y nagsisitayuan na mula sa kani-kanilang pagkakaratay at banig, at makakapaglakad, na magaling na. Ni hindi kailangang magbitaw ng isang salita. Basta—basta naroon ka lang, 'yun lang ay sapat na.

44 Naaalala ko isang gabi sa Vandalia, Illinois. Pumasok ako sa isang pagtitipon, at wala pa akong limang minuto sa pagtitipon, at walang natirang tao na nanghihina sa buong lugar, buong lupalop. Itinulak na lang palabas ang mga silyang de gulong at itinambak. Nakakita ang mga bulag, at 'yung mga bingi't pipi'y nakapagsalita, at—at basta na lang. . . ang Espiritu ng Panginoon ay talagang naroon, at pinagaling Niya mismo ang buong naroon. Ngayon panahon 'yan na may nangyayari sa inyo, panahon na nagaganap ang rebaybal. Pero hayaan n'yong mamatay ang apoy ng rebaybal na 'yun, haya't halos di na kayo. . . Cristiano pa rin naman ang mga tao, pero di na sila pinasisigla sa Espiritung 'yun, sa dakilang kapaligirang 'yun na nagpapangyari ng bagay-bagay.

45 Parang sa pamamanday, sa isang pandayan. Kailangan mong painitin ang bakal bago mo ito pukpukin sa palihan. Kung hindi mo paiinitin, hindi mo 'yun matutuwid.

46 At 'yun ang kailangan para magkaroon ng rebaybal, ang lahat ay mapasailalim sa init ng Espiritu Santo na nagpapababa sa mga kapangyarihan ng Diyos at nagpapakilos ng rebaybal. Tapos may mga pagtitipon para sa pananalangin na idinadaos, araw at gabi, minu-minuto, sa lahat ng dako. Aba, ni ayaw umalis ng mga tao sa lugar!

47 Naaalala ko sa Jonesboro, Arkansas, noong nagpapasimula pa lang ako noon. . . mga ikatlong pagtitipon ko. Yung una'y sa St. Louis, at pagkatapos sa Corning, at pagkatapos doon sa Jonesboro. Nalathala sa diyaryo, "Dalawampu't walong libong katao sa pagtitipon." Dalawampu o tatlumpung milyang haba mula sa siyudad, may mga toldang nakatayo. Wala kang makukuhang bahay na puwedeng matuluyan maski sa bukid, sa maliit na bayan na 'yun ng Jonesboro. Nagdadatingan ang mga tao na milya-milyang layo ang pinanggalingan, may bitbit na mga lampara, naglalakad sa gubat, sasakay ng—ng bus at dadalo.

48 Umupo ako roon sa liblib isang gabi, nananalangin bago magsimula ang gawain, at nakakita ako ng mga kadalagahan na paparating na kilik 'yung mga sapatos at mahahabang medyas

nila sa ilalim ng braso nila. Pagkatapos bago sila pumasok dun, hihinto at papagpagan 'yung alikabok sa mga paa nila, at isusuot 'yung mahahabang medyas at—at—at mga sapatos nila, at—at dadako na sa pagtitipon.

49 At nakita ko 'yung mga tao na inihihiga nila 'yung mga may sakit nilang anak sa ilalim nung mga lumang trak ng bulak, at hihimpil dun araw at gabi; naghaharang lang sila ng mga karton at lona, kapag umuulan, umiihip ang unos; hindi umaalis sa puwesto nila, naghihintay para lang makapasok sa gusali.

50 Doon nga'y nakakakita ang mga bulag, nakakarinig ang mga bingi. At ang pagmiministeryo, ngayong gabi, ay daang-milyang lampas na roon, pero humupa na ang mga apoy ng rebaybal.

51 Makikita ang mga tao na lumalakad papalapit dun at sabihin. . .Ituro mo lang ang daliri mo, at sabihin, "Buweno, sumasampalataya ka ba, kapatid?" Ganoon lang, tapos na siya't aalis na. Yun lang ang kailangang gawin. Sumampalataya sila. Kumikilos ang rebaybal.

52 Ngayon, nakita 'yun ng mga alagad, at sa munting pamamaraan ay tinatamasa nila ang kagalakan, habang nagpapahinga si Jesus, pinagkukuwentuhan ang nakita nila na ginawa noong araw na 'yun.

53 At sa tingin ko parang ganoon ang bunsod ng rebaybal, na tayo mismo'y nabubuhay na ngayon sa isang panahon ng paghupa, habang Siya'y nagpapahinga marahil sa pagitan ng mga pagtitipon, o ng rebaybal at ng Kanyang Pagparito. At nagbubunyi tayo sa mga bagay na nakita nating nangyari sa panahon ng rebaybal na ito, na dakila't kamangha-manghang mga gawa. Kahit ano pa ang sabi-sabihin ng sanlibutan, nakita pa rin natin ito na napangyari! Isa itong pagpapahayag, na katotohanan mismo, na napangyari.

54 Marahil sinamantala nila ang pagkakataon, habang maaliwalas na kumakampay ang mga layag, para mapagkuwentuhan Siya, 'yung tungkol sa mga gawa Niya, tungkol sa mga inaangkin Niya, tungkol sa pagiging Mesiyas Niya. Marami sa kanila ang marahil. . .sa mga alagad na ito, marahil nagkuwento sila ng tungkol sa mga nakita nilang napangyari, sa isa't isa.

55 Gaya rin ng ginagawa natin, noong panahon ng rebaybal sa Shreveport, noong panahon ng rebaybal sa—sa iba pang bayan, nagkukuwentuhan tayo tungkol dun.

56 Ngayon ganoon ang ginagawa nila. Marahil si Simon, gaya ng ipinangusap natin kagabi, sabi niya, "Buweno, noong ipaalam sa akin ni Andres ang tungkol sa Kanya, medyo may pag-aalinlangan ako noon. Pero noong saysayin Niya sa akin kung sino ako at kung sino ang tatay ko, nawaglit ang lahat ng mga haka-haka mula sa akin. Ako'y—ako'y sumampalataya ora mismo."

57 Marahil ikinuwento ni Felipe, o ng iba; marahil ikinuwento ni Andres. Nabanggit natin 'yung tungkol sa binibini sa may balon, kagabi. Marahil napag-usapan nila ang babae, noong maikuwento nila 'yung parang ganito, "Mga kapatid, alam n'yo, may kakatwang pangyayari sa akin, noong umalis ako—umalis tayo para kumuha ng ilang makakain. Tapos bumalik tayo at nakatayo tayo sa labas ng mga palumpong, at natanaw Siya na nakikipag-usap sa babaing ito na may masamang reputasyon. Naisip natin, sa mga puso natin, 'Paano na lang kung may dumating na ilang mga saserdote at makita ito, na nakikipag-usap ang ating Guro sa ganitong uri ng babae, ano na lang ang sasabihin nila tungkol sa Kanya?' At pagkatapos naaalala natin kung paanong nalaman natin, na may kumpiyansa tayo sa Kanya, na para 'yun sa isang layunin kaya Niya kinakausap ang babae.

58 "At pagkatapos noong sabihin Niya sa babae, 'Pumunta ka't sunduin mo ang asawang lalaki mo at pumarito.' Haya't ang sabi nung babae, 'Wala po akong asawa.' Animo'y umigpaw ang mga puso natin, dahil inakala natin na isang bahid na pagkakataon 'yun na may mali. Sinabi ni Jesus sa babae na siya'y, pumunta't sunduin ang kanyang 'asawang lalaki,' samantalang wala naman siyang asawa. Naaalala n'yo 'yung tinginan natin sa isa't isa dahil sa pagkagitla natin, na isipin na 'yung malaking kumpiyansa natin sa Kanya, ay heto't bigla na lang gumuho?

59 "Pagkatapos nasumpungan natin, na agad din Siyang nagsalita at sinabi, 'Katotohanan ang sinabi mo, dahil nagkaroon ka na ng limang asawa, at ang kinakasama mo ngayon ay hindi mo asawa.'

60 "Pagkatapos noong mapagkilala Siya nung babae bilang ang Mesiyas, ang Mesiyas ng Diyos, haya't sinabi roon, na, 'Alam namin na may Mesiyas na parating. Siguradong isa Kang Propeta, dahil alam namin, na sa pagparito ng Mesiyas, gagawin Niya ang bagay na ito.' At 'yung patotoo sa siyudad na 'yun, malaki ang naging epekto nung patotoo nung babaing 'yun sa mga tao ng lungsod."

61 Pagkatapos marahil 'yung batang-bata pang Juan ang nagsabi, "Alam n'yo, sasabihin ko sa iyo kung anong nagpatibay sa akin na totoo 'yun, 'yung araw noong pinagputol-putol Niya 'yung tinapay. Ngayon, gutom tayong lahat noon, at nagtungo Siya sa ilang, at hindi natin Siya mahagilap, at doon ay natagpuan natin Siya. At grabeng daming tao ang sumasama-sama, at, 'yung bungad sa atin, nasumpungan natin Siya na ang sabi, 'Magpahayo kayo sa bayan, para kumuha ng makakain.' At—at ibinilin Niya sa atin na 'pakainin ang mga tao' pagkatapos. At kinuha Niya 'yung limang tinapay at dalawang maliliit na isda, at pinagputol-putol Niya ang tinapay na 'yun. At napansin ko 'yung kamay Niya habang umaabot Siya ng isa

uling piraso ng tinapay, aba'y nabubuo uli 'yung tinapay na 'yun. At pagkatapos pag-abot Niya, inilalagay 'yun sa isang plato, tapos muling aabot, aba'y nabubuo uli 'yung isdang 'yun. Hindi lang karaniwang isda, kundi lutong isda mismo, kita n'yo, na nabubuo uli.

62 "Ano kayang klaseng atom ang pinakakawalan Niya, mga kapatid, lutong isda, lutong tinapay, may kung anong ginagawa sa proseso ng pagbuo muli? At alam natin na Siya ang Manlilikha, pero heto Siya na lumilikha ng luto nang isda at luto nang tinapay."

63 Marahil parang ganito ang sinabi ni Juan. Sabi niya, "Alam n'yo, noong batang paslit ako, nakatira kami malapit sa Jerico. Naaalala ko noong inuugoy ako noon ng nanay kong Judio para patulugin ako nang hapon; mag-siesta nang hapon. Nakatingin ako dati sa mga mata ni nanay, at ikinukuwento niya sa akin ang mga kuwento ng Biblia."

64 At, alam n'yo, isang mabuting bagay 'yan na gawin ng sinumang nanay sa kanyang anak. "Palakihin n'yo ang bata sa daan na dapat nitong lakaran." Mas mabuti 'yun kaysa sa buksan ang telebisyon at papanoorin ang kung anu-anong bagay na ipinapalabas dito sa telebisyon. Mas makakabuti kung babasahan n'yo ang bata ng kuwento sa Biblia, dahil tumatatak 'yun sa musmos niyang isipan.

65 Ngayon sabi, "Dati niyang. . .Ikinukuwento noon ni nanay ang tungkol sa—sa kuwento nung babaing Sunamita na muling nabuhay ang munti nitong anak na lalaki, sa pamamagitan ng propeta Elias. Gusto ko 'yun. Pagkatapos ikinukuwento niya sa akin noon ang tungkol sa paglabas natin mula sa Egipto. At nasa Ilog na tayo noon ng Jordan. Haya't ituturo niya 'yung kabilang ibayo ng ilog, tapos sasabihin, 'Juan, nagkampo sila noong araw diyan lang sa kabilang ibayo. At apatnapung taon sila sa ilang na 'yun, at pinakain sila ng Diyos ng manna. Di kailanman naluma ang mga damit nila. At binibigyan sila ng Diyos ng tinapay, na sariwa, bawat umaga.'

66 "At mangyaring noon sa munti kong, murang isipan, sinasabi ko dati, 'Nanay, marami't naglalakihan ba ang pugon ng Diyos doon sa himpapawid, at niluluto Niya ang lahat ng tinapay na ito, at pinaghahanda ang Kanyang mga Anghel para dalhin sa ibaba ang agahang tinapay at ilalapag ito sa. . .?'

67 "'Hindi,' sasabihin ni nanay. 'Juan, musmos ka pa para maunawaan. Kita mo, walang mga pugon ang Diyos sa himpapawid. Hindi Niya kailangan ng mga pugon. Tayo ang may kailangan ng pugon. Pero di 'yun kailangan ng Diyos, dahil Siya ang Manlilikha. Kita mo, magsasalita lamang Siya, at 'yung tinapay ay nakahain na sa. . .Siya ang Manlilikha.'

68 "At, mga kapatid, noong nakatayo ako roon ngayong araw at pinapanood Siyang umaabot ng pirasong 'yun ng tinapay

at pinagpuputol-putol, at noong Siya'y umabot muli ng isang piraso, nalikha 'yun, napagkilala ko na hindi huwad na propeta ang sinusundan—sinusundan natin. Hayun ang Manlilikha, Mismo, na nagkatawang-Tao." At 'yung . . .

69 Pagkatapos marahil napagkuwentuhan nila ang saloobin ng mga tao; may ilan na naniniwala, may ilan na hindi; at pagkatapos 'yung saloobin Niya sa mga tao.

70 Ngayon, alam n'yo, malaki na ang ipinagbago ng Cristianismo, sa huling mga araw na ito. Ngayon kailangan mong tratuhin na parang sanggol ang isang tao, dapat pangakuan mo sila ng napakaraming bagay, laanan sila ng kung anu-ano, para papaniwalain sila, magsimba sila, at pangakuan sila na magtataglay sila ng mas mabubuting kasamahan at lahat na. Hindi ganyan ang Cristianismo.

71 Ang Cristianismo'y hindi pamimihasa na parang sanggol. Ang Cristianismo'y pangmatibayan. Tama. Isa itong—isa itong—isang . . . Ang Cristianismo'y hindi isang halaman na pinatubo sa loob ng greenhouse.

72 Ang isang halaman na pinatubo sa loob ng greenhouse ay isang hybrid na halaman, kadalasan. Kailangan n'yo itong wisikan ng spray sa tuwina, para di dapuan ng mga insekto. Dahil 'yun sa kahinaan nito. At ganyan din ang kailangan n'yong gawin sa maraming Cristiano, mistula bang wiwisik-wisikan mo sila ng—ng sandamakmak na pangako.

73 Kayo, hindi n'yo kailangan. Hindi kailangan ng isang totoo't talagang malusog na halaman ang anumang pagwiwisik ng spray. Lumalayo ang mga insekto rito.

74 Katulad mismo, sa panahon ngayon, ng pagpupumilit ng tao na kunin ang mga bagay-bagay at baluktutin ang mga ito. Ang Diyos, sa pasimula, ang sabi Niya, "Mamunga ang bawat binhi ayon sa uri nito."

75 Binabasa ko sa *Reader's Digest* dito, kung saan kumukuha sila—kumukuha sila ng tinatawag nating hybrid na mais, at mas maganda ang bunga nito, oo naman, malaki't maganda ang bunga; pero di mapapakinabangan, walang silbi. At gumagawa sila ng mas magagandang kamatis, na di man lang kalasa ng kamatis, at gumagawa, maging ng manok ngayon na wala nang mga pakpak. Pagha-hybreed! Kita n'yo?

76 At ngayon, tandaan n'yo, marahil may hybrid kayong mais, pero hindi n'yo maaaring itanim muli ang binhing 'yan. Hindi na ito tutubo uli. Mamamatay ito nang tuluyan. Bakit? Wala kasi itong buhay. Kinakailangan n'yo itong i-hybreed nang i-hybreed sa tuwina. Kung hindi, patuloy lang na pararamihin. Ipinapakita lang n'yan na ang ebolusyon, ayon sa kaisipan ng tao, ay mali.

77 Maaari kayong kumuha ng isang—isang babaing kabayo at isang lalaking asno, at paramihin sila at makakakuha kayo ng

mola, pero hindi kaya ng mola na magparami uli. Hanggang dun lang ito. Yun lang. Hanggang dun lang siya.

78 At sinasabi nila ngayon, na sa susunod daw na dalawampung taon, kung hindi nila pipigilan ang mga tao mula sa pagkain ng hybrid, gaya ng mais at trigo at iba pa na hina-hybreed nila, haya't, "Babaguhin nun ang—ang pangangatawan ng kababaihan. Tuloy hindi na sila magkaanak, sa loob ng dalawampung taon mula ngayon. Papatayin nun ang henerasyon." Wala itong kapaki-pakinabang na sangkap sa loob.

79 Ang mga kalalakihan ngayon ay di na kasing tikas tulad ng dati. Tingnan n'yo ang mga kalalakihan sa panahon ngayon. Aba, sila, dati-rati, pisikalan talaga sa mga palaro. Ngayon kailangan na nilang magsuot ng helmet; dosena ang namamatay kada taon, natatamaan ang ulo na parang daga, agad na ikinamamatay; rambulan at lahat na. Sambunton na putik na lang ang tao. Dahil, at dahil sa hybrid, at nilalason nun ang buong sistema ng—ng pamumuhay natin, ang buong ekonomiya natin.

80 At—at—at ang pagha-hybreed na 'yun ay nakapasok na rin sa simbahan, hayan nga. Sa halip na magkaroon ng tunay na matatatag na grupo ng mga mananampalataya ng Biblia, pinaging-hybrid nila sa pamamagitan ng mga denominasyon. At ang bukambibig nila, "May *ganito* ako, may *ganoon* ako; at kabilang ako sa *ganito*, at kabilang ako sa *ganoon*." Hybrid na, at 'yung bagay na 'yun ay walang kakayahan na muling pagbungahin ang sarili nito.

81 Kailangan natin ng isang Aklat ng Mga Gawa muli. Pero ang tanging paraan para magawa n'yo ito ay bumalik sa Biblia, at lumayo sa mga hybrid na relihiyong ito.

82 Pagha-hybreed, pinamimihasa na parang sanggol! Walang pananampalataya! Sambunton lamang ng—ng binabae't, sadyang malalambot, na mga alagain. "Ako'y . . . " Sasabihin ko: Cristiano ka ba? "Methodist ako." Cristiano ka ba? "Presbyterian ako. Pentecostal ako." Walang halaga *'yun*, sa Diyos. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.]

83 Isa kang Cristiano dahil ipinanganak ka sa Espiritu ni Cristo, at nabubuhay sa iyo ang Salita ng Diyos.

84 Alam n'yo, kinagigiliwan ko na noon pa man ang isang kabayo na purong-lahi. Alam n'yo, may talino siya. Maaari n'yong—maaari n'yong turuan siya ng mga bagay-bagay, sanayin siya sa mga bagay-bagay, at siya'y matututo. Pero kumuha kayo ng isang matandang mola, wala nga kayong mapapala sa kanya. Damulag lang siya't asno na mahaba ang tainga. Sasalampak siya roon, at, kausapin n'yo man siya nang kausapin, iuusli lang niya ang mga tainga niya, at, "Huh? Huh? Huh?" Kita n'yo, ganoon, isa kasi siyang hybrid.

85 Naiisip ko tuloy, ang marami sa mga nataguriang-lang na Cristiano, na hybrid, relihiyong-asno. Sabihin mo sa kanila na si Jesus Cristo'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman; sasabihin, "Hindi ako naniniwala Riyan." Kita n'yo? At kaya hindi n'yo siya matuturuan ng kahit na ano kahit kailan. Papaano n'yo siya matuturuan; walang mapapala sa kanya, sa simula't sapul. "*Ganito* kasi ang paniniwala Rito ng iglesya ko. *Ganoon* kasi ang paniniwala Rito sa amin." Pero sinasabi ng Salita ng Diyos na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman! Ayaw ko sa isang hybrid na Cristiano.

86 Gusto ko ng—gusto ko ng kabayo na may purong-lahi. Na alam niya kung sino ang tatay niya, kung sino ang nanay niya, kung sino ang lolo at lola niya. Alam niya ang lahat ng mga henerasyon niya hanggang sa simulang-simula.

87 Ganoon din ang isang Cristiano na may purong-lahi, alam niya kung Sino ang Ama niya. Nanggaling Siya sa Diyos; Siya ang Salita ng Diyos, Siya'y pareho pa rin kung paano Siya noon pa man. Siya'y isang tunay na purong-lahing produkto ng Diyos, ang Salita ng Diyos ay nasa kanya, si Jesus Cristo na inihahayag ang Kanyang Sarili.

88 Grupo ng mga di-mananampalataya! Nagawa ni Jesus na ipagpag ang ilang parasito isang araw, noong napakarami na ng sumusunod sa Kanya. May mga alagad Siya. Tapos, may pitumpu Siya, na asosasyon ng mga ministro. Pagkatapos, may kongregasyon Siya, na libo-libo. At pagkatapos binitawan Niya ang pahayag na ito, sabi Niya, "Maliban na kainin ninyo ang Dugo. . .o kainin ang laman ng Anak ng tao, at inumin ang Kanyang Dugo, ay wala kayong Buhay sa inyo."

89 Ngayon ano sa palagay n'yo ang sasabihin ng isang doktor ng medisina, na nakaupo sa kongregasyon? Ano sa palagay n'yo ang sasabihin ng isang tao sa nasa matinong pag-iisip, gaya ng tinatawag natin na matinong pag-iisip? Di man lang Niya 'yun ipinaliwanag. Di Niya kinailangang ipaliwanag. Aba, sasabihin talaga nung doktor, "Lumayo kayo sa Lalaking 'yan. Baliw Siya. Siya. . .Pinagiging mga taong-bampira pa tayo. Ano't iinumin ang Dugo ng isang Tao, kakainin ang Kanyang laman?"

90 At ang kongregasyon, parang nakikinita ko nga na nagsalita ang saserdote, "Ito na ang oras. Dito na kami eeksena. Lumabas na tayo! Hindi na tayo dadalo kahit kailan sa isa man sa mga pagtitipon." Nagsialisan nga sila. Pagkatapos, napaalis Niya silang lahat mula sa Kanya.

91 Pagkatapos bumaling Siya't sinabi Niya sa pitumpu, sabi Niya "Ano ang masasabi n'yo kapag nakita n'yo ang Anak ng tao na umaakyat na sa Langit kung saan Siya nanggaling?"

92 Ngayon, sabi nung pitumpu na 'yun, "Ang Anak ng tao'y aakyat kung saan Siya nanggaling? Aba, nakapunta na tayo kasama Siya sa mismong sabsaban kung saan Siya ipinanganak.

Kilala natin ang nanay Niya. Nakita natin ang mga damit, ’yung mga basahang lampin na ipinambalot sa Kanya. Ipinanganak Siya roon sa Betlehem ng Judea. Pinalaki Siya rito sa Nazaret. Nandiyan ang mga kapatid Niyang lalaki, mga kapatid Niyang babae, at lahat sila’y nakakasa-kasama natin. At pagkatapos sasabihin Niya, ‘Aakyat ang Anak ng tao na ito?’” Ngayon, hindi Niya ’yun ipinaliwanag, basta lamang Niya sinabi. Ngayon, di nila ’yun maipaliwanag, di nila ’yun maunawaan sa kanilang isipan. “Buweno,” sabi nila, “dito na tayo eeksena,” kaya lumabas sila. Hanggang doon lang ang kaya nilang tanggapin.

93 May mga ganoon pa rin sila na mga grupo-grupo. Ganoon nga. May mga ganoon pa rin tayo. Mapapansin natin.

94 Pagkatapos bumaling Siya. Alalahanin n’yo, di rin ’yun kayang ipaliwanag nung mga alagad, din, pero may pananampalataya sila. Pagkatapos bumaling si Jesus at tumingin sa labindalawa, at ang sabi, “Aalis din ba kayo?”

95 Pagkatapos sinabi ni Pedro ang di-malilimutang mga salita na ’yun: “Panginoon, saan kami paroroon? Dahil kami’y lubos na nahikayat, batid namin na nasa Iyo ang Salita ng Buhay, at sa Iyo lamang.” Kita n’yo? Hindi nila kayang ipaliwanag kung paano nila kakainin ang Kanyang laman at iinumin ang Kanyang Dugo. Hindi nila maunawaan kung paano Siya aakyat sa kung saan Siya bumaba, samantalang ipinanganak Siya sa Betlehem. Hindi nila maunawaan. Pero, kita n’yo, walang alam na kabiguan ang pananampalataya. Nakaangkla ito. Nakapirmi roon, kahit na ano pa ang sabi-sabihin ng iba. Nakapirmi roon. Itinalaga sila sa Buhay na ito. At Siya’y . . . Pumirmi sila roon.

96 Ngayon iba’t ibang klase. Naniwala ang ilan. Sabi mismo ng ilan, “Walang tao kailanman ang kayang makapagsalita nang gaya nito.” May iba na hindi naniwala, at nagsabi, “Oh, ’yun, baka kailangang pag-usapan ’yun.”

97 Sabi ng ilan, “Walang tao kailanman ang kayang makapagsalita na gaya ng Taong ito. May kakaiba sa Kanya. Yung bagay na sinasabi Niya, may kakayahan Siyang suportahan.” Buweno, sinabi nga nila ’yun, alam n’yo, sabi, “Hindi Siya nagsasalita na gaya ng saserdote. Hindi Siya nagsasalita na parang isang rabi. Dahil ’yung bagay na sinasabi Niya, pinatutunayan ito ng Diyos, pinagtitibay Niya kung ano ang sinabi Niya.” Oh, grabe!

98 Marahil ’yung kabataang Juan, pa, ang nagsabi, “Bulayin n’yo ’yun! Kasama natin Siya ngayon. Grabeng kapanatagan ang dulot mismo nun! Grabeng katiwasayan!” Grabeng katiwasayan ’yun maski sa atin!

99 Isa akong misyunero, nagiikot-ikot ako sa buong mundo. At nakita ko na ang lahat ng uri ng mga relihiyon at lahat ng uri ng mga diyus-diyosan na mayroon sila, mga paganong diyus-diyosan; may Mohammedan, may Buddha, at may Sikh, Jain,

oh, kung anu-ano pa, at mga paganong diyus-diyosan ng mga taga-tribo. Pero, bawat isa sa kanila, walang tama maski isa sa kanila kundi Cristianismo. Bawat isa sa kanila, 'yung mga tagapagtatag nila'y patay na, at may libingan sila kung saan nakalibing ang naturang tagapagtatag. Pero ang Cristianismo ang nag-iisa na tama, dahil ang Tagapagtatag natin ay namatay, inilibing, subalit bumangon na mag-uli, at mapapatunayan natin na Siya'y buhay.

100 Sa libingan ni Mohammed, sa loob ng nakaraang dalawang libong taon, halos, haya't may puting kabayo, nagpapalit ng bantay kada ilang oras, hinihintay nila si Mohammed na bumangon mula sa mga patay at mangangabayo sa buong mundo para sakupin ito.

101 Pero si Jesus ay bumangon na mula sa mga patay, nagbangon na nang dalawang libong taon, at kasama natin ngayong gabi. At kaya naman kapag nakikita na natin ang kadiliman, at nakikita na natin ang katapusan ng panahon, gaya ng kalagayan nito ngayon, papalapit na sa mga oras na kinabubuhayan natin, habang naglalayag tayo sa malawak at mapanglaw na karagatan ng buhay, kung saan maunos ang mga dagat, at—at maaaring masira ang sasakyang-dagat anumang oras, na maaaring mamatay ang mumunting ilaw na ito nang *ganoon-ganoon* lang. [Pinalagitik ni Kapatid na Branham ang kanyang daliri—Pat.] O, di na tayo makakalabas ng gusaling ito ngayong gabi, maski isa sa atin. Hindi natin alam kung anong oras darating ang kamatayan.

102 At grabeng katiwasayan marahil 'yun, sa mga alagad doon, na malaman na ang mismong Manlilikha, na lubos na ipinakilala ang Kanyang Sarili na Siya ang Tao na 'yun, ay kasama nilang naglalayag.

103 At grabeng pinagpalang kaisipan 'yun, grabeng pinagpalang pag-asa nga, grabeng katiyakan, sa madilim na oras na ito sa dulo ng kasaysayan ng mundo, na malaman na kasama nating naglalayag ang Manlilikha sa malawak at mapanglaw na karagatan ng buhay, tiwasay na nasa loob! Mga bomba, anuman ang dumating, hayaan lang ang mga 'yun na humagibis, sumabog, pumutok, anuman ang gusto nila, walang kaso sa akin, haya't naglalayag ako kasama ng Manlilikha. Grabeng katiyakan, habang naglalayag sa katubigan na ito!

104 Ngayon habang nagkukuwentuhan, pinag-uusapan Siya, tungkol sa mga dakilang bagay na ginawa Niya. Pagkatapos na mapagsaluhan ang rebaybal, marahil nagpapahinga si Jesus gaya ng ginagawa Niya, sabi ko, sa pagitan ng mga rebaybal. At tayo. . .malinaw na malinaw sa kanila ang pagkakakilanlan kung Sino Siya. May pagkakilala ang mga tao kung Sino Siya, 'yung mga binulag Niya. Pero yaong mga pinanghawakan ang Kasulatan, dahil alam nila na ang Kasulatan. . .Ibinigay ang

Salita ng Diyos, na may bahagi, sa bawat salinlahi, at ang pangakong ’yun para sa kapanahunan na ’yun ay kailangang matupad. At tinupad Niya mismo nang eksakto kung ano ang dapat gawin sa panahon ng Mesiyas. Natugunan Niya ang bawat kuwalipikasyon. Pagkatapos tayo. . . siya’y nakatitiyak na Siya ang Lalaki na ’yun.

105 Pero, nakita n’yo, napaka pangkaraniwan lang Niya. Hindi Siya nanamit na parang isang saserdote. Siya’y, wala, walang edukasyon na gaya ng—gaya ng tinatawag nating edukasyon. Wala tayong tala kung Siya ba’y nakapag-eskuwela. Pero may kung anong bagay sa Kanya na iba.

106 At pagkatapos inanyayahan Niya sila, noong di nila maunawaan, sabi, “Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, sapagkat iniisip ninyo na sa mga Ito ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan, at ’yun ang bagay na nagpapatotoo ukol sa Akin. Sinasabi ng mga Ito sa inyo kung Sino Ako.”

107 At ngayon, alalahanin n’yo, nasa puso nila ang lahat ng ito at pinagbubulay-bulayan ang mga bagay na ito. At habang naglalayag sa dagat, para nga silang mga bata, habang kasama nila Siya sa bangka.

108 Ngayon, kaibigan, anong dapat ibunsod nito sa atin! Ang siya ring nakilalang Jesus Cristo, ang siya ring Manlilikha, ang siya ring Diyos, ay kasama natin ngayong gabi. Grabeng katiyakan nga ito—ito, grabeng pakiramdam, na malaman na narito ang Kanyang Presensya.

109 Ngayon nalaman natin, na sa mismong oras na ’yun na sila’y nagtatamasa ng maluwalhating panahon, bigla na lang, dumating ang problema. Gumewang-gewang ang bangka, natanggal ang mga layag, napuno ng tubig ang bangka. Lahat ng pag-asa para mabuhay ay malabo na.

110 Ngayon, hindi ba’t nakapagtataka, gaya ng kalagayan ngayon, habang parating na tayo sa dulo ngayon, hindi ba’t nakapagtataka? Kaya nating ikuwento kung gaano Siya kadakila; kaya nating ikuwento kung gaano Siya kadakila, sa simbahan natin kapag nagpapatotoo tayo; maikukuwento natin sa ating—ating mga empleyado, mga amo, kung gaano Siya kadakila; maikukuwento natin sa mga tao sa lansangan kung gaano Siya kadakila; at, kapag dumating ang problema, aba’y nagugulumihanan tayo. Kita n’yo? Tayo’y talagang. . . Kita n’yo? Sa kabila ng mga bagay na nakita natin mismo na ginawa Niya, mga bagay na alam nating ginagawa Niya; tapos makapasok lang ang kaunting sakit, o kaunting problema na hahaplit sa tahanan, masdan n’yo kung anong mangyayari; grabeng panlulumo, naglaho lahat—lahat ang pag-asa.

111 Gayong nakita na nila Siya na gumawa ng napakaraming bagay; haya’t nakalimutan lahat noong dumating ang problema.

112 Gaya ngayon, saksi tayo sa dakilang rebaybal na ito, may kasaysayan din tayo tungkol sa iba pang mga dakilang rebaybal, nasa atin ang Kanyang Presensya, alam natin ang mga bagay na ito, at kung minsan dumarating ang kaguluhan na di natin kayang lutasin. Sila . . .

113 Halimbawa na lang ngayon, may problema tayo sa mga iglesya natin ngayon. May mga suliranin tayo na denominasyon, mga pagtatalo sa mga simbahan natin. Di natin alam kung anong mangyayari. Nakikita natin ang isang malaking bagay na namumuo roon. Lahat tayong mga mananampalataya ng Biblia'y nakikita na may bagay na napipintong mangyari. Walang sinuman ang di nakakaalam nun.

114 At lahat ng mga iglesya'y dadalhin doon sa ekumenikal na Konseho ng mga Iglesya. Pagkatapos, sa pagsapi n'yo roon, iwinawaglit n'yo 'yung dakilang ebanghelikal n'yong turo ng Biblia. Tapos nakikisimpatya ang mga Pentecostal dito, na pumapasok na mismo rito, na parang baboy na papunta sa katayan, ganoon nga, ekumenikal na konseho. Maraming mga kinikilalang Pentecostal na lider ang sumasang-ayon sa kanila. Sinasabi ko sa inyo, huwag na huwag n'yong isasalang ang leeg n'yo sa ganoong bagay. Ganyan na ganyan mismo ang sinabi ng Biblia na mangyayari. Hayan ang hayop at ang tanda, at, ganap na ganap, na ang lahat ay nakasalang na, at nakikita natin ito at iniisip natin kung ano kaya ang kahahantungan nito.

115 Dumating ang problema. At nakalimutan nila na Yaong mismong pinag-uusapan nila, ang mismong Manlilikha, ay nasa loob lang ng bangka kasama nila.

Ngayon sasabihin n'yo, "Kung ako 'yun haya't maaalala ko!"

116 Buweno, alalahanin n'yo, kasama pa rin natin Siya, dahil Siya ang Salita, sa tuwina. Sa Juan 1:1, gaya ng tinalakay natin kagabi, "Siya ang Salita; at ang Salita ay nagkatawang-tao at tumahan sa gitna natin." At nasa atin pa rin ang Kanyang Salita na dumidirekta sa atin patungo sa Kanyang mga kaisipan at Kanyang mga gawa para sa araw na ito. Kita n'yo? Ang . . . Hindi ang kaisipan ni Moises noong panahon niya, hindi ang kaisipan ng mga alagad, hindi ang kaisipan ni Luther, o ni Wesley, o ng kapanahunang Pentecostal, o alinman sa mga 'yun. Narito sa atin ang Biblia na nagsasabi sa atin kung anong mangyayari ngayon. Kita n'yo? Nakikita natin ang Pentecostal na rebaybal sa Biblia, ang Lutheran, at lahat ng mga kapanahunan ng iglesya na 'yun. Nakita natin ang mga 'yun. Pero may Kasulatan din tayo rito na sinasaysay sa atin kung anong mangyayari ngayon. At 'yun ang Diyos, ang Diyos na ipinaliliwanag ang Kanyang Sariling Salita para sa kapanahunang ito na kinabubuhayan natin. Siya ang Kanyang Sariling tagapagpaliwanag. At, sa kabila nun, nagugulumihanan tayo. Huwag kayong magulumihanan.

117 Ang mga alagad Niya kung minsan ay napapasok sa mga pisikal na suliranin na di nila kayang lutasin, gaya ng sakit, kanser, at iba pa, na hindi kaya ng mga doktor, hindi nila alam kung anong gagawin dito. Tayo, gaya nila, ay nakakalimutan kung Sino ang nasa bangka.

118 Dapat sana'y naaalala nila na alam Niya ang lahat ng mga bagay na ito. Alam na Niyang mangyayari ang mga ito. Siya ang. . .Alam Niya ang lahat ng mga bagay, kaya alam Niyang mangyayari ito. Mangyayari ito sa kanila. Bakit Niya hinayaang mangyari 'yun? Noong sumakay Siya sa bangkang 'yun, batid na Niya na mangyayari 'yun.

119 Alam Niya na kailangan nating harapin ang kalagayan na ito, at pauna na Niyang sinabi sa atin dito sa Biblia na ganoon ang mangyayari.

Ngayon ano 'yung ginagawa Niyang 'yun? Sinusubok ang pananampalataya nila.

120 Bakit Niya pinahihintulutan ang isang—isang—isang kalugud-lugod, na munting, babaing mukhang nanay na maupo sa silyang de gulong, gaya n'yan? Bakit Niya pinahihintulutan ang kalugud-lugod na mga kabataan dito, mga binatilyo na nakaupo rito sa mga silyang de gulong, mga binibini, at iba pa? Bakit Niya pinahihintulutan 'yun? At, sa kabila nun, maaaring manatili silang pilay pa rin, mamumuhay ng ganoong ordinaryong pamumuhay. Pero marahil may ilang nakaupo rito na may sakit sa puso, at, kung di ka pagagalingin ng Diyos, baka mamatay ka na bago mag-umaga. Ganoon nga. Alam Niyang mangyayari 'yun. Marahil pinahihintulot 'yun para subukin ang pananampalataya natin. Kaya 'yun ang nangyari sa kanila. Sinabi na Niya. Kita n'yo? Ganoon din ngayon.

121 Pinatunayan Niya kung Sino Siya, sa pamamagitan ng mga Salita't mga tanda na Kanyang pinatunayan sa gitna nila, na Siya ang pinagtibay, na pinahirang Mesiyas na darating.

122 At pinatunayan Niya sa gitna natin, sa pamamagitan ng Bautismo ng Espiritu Santo at sa pagpapanumbalik ng mga bagay na Kanyang ipinangako sa araw na ito, na Kanyang gagawin. Pinatunayan Niya na narito Siya. Pinatunayan Niya na Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman. At nakita n'yo na kung gaano tayo kadaling magulumihanan maski sa maliit na bagay? Huwag natin hayaan na mangyari 'yung ganito. Huwag.

123 Sabi Niya, "Kung hindi Ko ginagawa ang mga gawa na nasusulat patungkol sa Akin, kung ganoon ay huwag ninyo Akong sampalatayanan." At kung ang Iglesya, kung ang Espiritu Santo sa panahon ngayon, ay hindi ginagawa ang mga bagay na dapat nitong gawin para sa oras na ito, kung ganoon ay huwag n'yong paniwalaan ang Mensahe; may karapatan kayo na di Ito sampalatayanan.

124 Pero ipinangako Niya na ang mga bagay na ito na ginagawa Niya ngayon ay mangyayari mismo sa oras na ito. Kaya marapat lamang na makaramdam tayo rito ng kapanatagan, na masasabi natin, "Pupunta ako sa pagtitipon. Ang dakilang Espiritu Santo, sa pagkaunawa ko, ay naroon na inihahayag ang mga lihim ng mga puso ng mga tao." Yan mismo ang sinabi Niya na gagawin Niya kapag Siya'y mahahayag na sa mga huling araw. Sinabi ni Jesus Cristo, Mismo, na 'yun mismo ang gagawin Niya.

125 At sinabi Niya, "Ang sanlibutan ay magiging tulad ng kalagayan nito noong panahon ng Sodoma." Narito na nga mismo ang kalagayang 'yan ngayon. Sabi Niya, "Maghihiwalayan ang mga iglesya, tulad noon," si Lot, ang sala-sa-init sala-sa-lamig, na naroon sa Babilonia, o naroon sa Sodoma, at sa mga taga-Sodoma. Sabi Niya, "Si Abraham, ang hinirang, na tinawag-palabas na grupo," at nagpadala Siya ng isang mensahero sa hinirang na grupo. At nagpadala Siya ng dalawa namang mensahero sa kanila, na kinakatawan ang bawat isa. At 'yan mismo ang ginawa Niya, hanggang sa pinaka pangalan, pinaka kilos, pinaka galaw, lahat ay perpektong-perpekto, bawat tanda, bawat pagpapahayag, haya't eksaktong pareho. Sinabi Niya na mangyayari ito.

126 Ngayon anong ikinatatakot natin? Para saan at nangyayari ang mga bagay na ito sa atin? Sinusubok Niya tayo, tinitingnan kung anong gagawin natin ukol dito. Pansinin.

127 Sinabi Niya sa kanila, sabi, "Ngayon, kung hindi ninyo Ako masampalatayanan, sampalatayanan ninyo ang mga gawa na Aking ginagawa; ang mga ito ang nagpapatotoo kung Sino Ako." Dapat sana'y napagkilala nila, pero hindi. Sila . . .

128 Siya ang Diyos, na Siyang lumikha, ang Lumikha ng mga hangin at ng dagat. Kung kaya Niyang likhain ang mga hangin at ang dagat, hindi ba't mas lalong kaya Niya na pasunurin sila sa Kanyang Salita? Kung nilikha Niya ang lahat ng bagay, hindi ba't kaya Niyang mapasunod ang lahat ng bagay? Alalahanin din natin, na, nilikha Niya ang ating mga katawan, marapat lamang na sumunod ang mga ito sa Kanyang Salita. "Buweno," sasabihin n'yo, "kung matitiyak ko lang 'yan." Buweno, tiyak talaga tayo rito. Narito Siya para patunayan na ganoon nga ito. Susunod at susunod ang mga ito. Tandaan n'yo. Mayroon Siyang . . .

129 Kapag nakahimlay na tayo, na wala na't marahil sangkutsarang abo na lang tayo, nangako Siya na ibabangon ang mga abong 'yun. Nangako Siya na ibabangon ito. Marapat lamang na sumunod ang katawan sa Kanya. At 'yan ay kapag namatay na tayo, panatag tayo na ibabangon tayo, dahil nangako Siyang gagawin Niya. At ang pangako Niya'y Kanyang Salita, at nananampalataya tayo. Naniniwala ba kayo sa pagkabuhay na mag-uli ng katawan? Tunay. Kung hindi, hindi kayo Cristiano. Kaya naman naniniwala tayo na Kanyang

ibabangon tayo sa huling mga araw. Nangako Siya na gagawin ito. At ano 'yun? Yun ang Kanyang Salita. Doon natin itinataya ang lahat ng mayroon tayo, doon mismo sa Salita na 'yun.

130 At pagkatapos kapag dumating na ang oras na nakikita nating ipinapakilala na ang Salita, na narito pala sa kalagitnaan natin; mangyaring tayo'y kagaya nung mga alagad, noong isa pang pangyayari na naroon sila sa dagat, at—at papalubog na naman sila, noong isa pang eksena na 'yun. At natanaw nila si Jesus na dumarating na naglalakad sa tubig, at natakot sila. Sabi nila, "Isang—isang multo. Nakakatakot." Takot na isa 'yung espiritu, at napasigaw sila sa takot. Ang tanging makakatulong sa kanila, haya't kinatakutan nila.

131 At ganoon din sa panahon ngayon, ang tanging bagay na makatutulong sa mga tao, haya't takot sila rito. Sabi Niya, "Huwag kayong matakot. Ako ito." Nagsalita Siya. Papaano n'yo malalaman na Siya nga ito? Napagkikilanlan Siya sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Sa ganoong paraan Siya napagkikilanlan sa unang pagkakataon. Sa ganoong paraan Siya napagkikilanlan sa tuwina, sa pamamagitan ng Kanyang Salita. Pansinin.

132 Matapos na ang mga ala-. . .na matagpuan ng mga alagad ang kani-kanilang sarili sa dulo, sumagi marahil sa isip ng ilan sa kanila na kasama pala nila ang Manlilikha.

133 Umaasa ako na ganoon din ang mangyari sa atin, ngayong gabi, dahil sinasabi ng Mga Hebreo 13:8 na Siya'y siya pa rin.

134 Pagkatapos anong ginawa nila? Ginising nila si Jesus. "Puntahan n'yo at gisingin si Jesus. Gisingin n'yo Siya, tawagin n'yo Siya sa eksena!" Napakadali Niyang tawagin. Nakita nila, nakita ang napakaraming bagay na ginawa ng Diyos, at—at—at ang Mga Salita na pinatototohanan Siya. Ganoon din tayo. At hindi Siya mahirap tawagin para kumilos.

135 Ginising nila Siya, at sinabi, "Ikaw ba'y. . .hindi Ka ba nababahala na tayo'y mapapahamak?"

Sasabihin n'yo, "Papaano tayo makakatiyak ukol dito? Mapapatunayan ba natin ito?"

136 Juan 14:12, sabi ni Jesus, "Ang sumasampalataya sa Akin, ang mga gawa na Aking ginagawa ay gagawin din naman niya." Ganoon nga mismo. Dinadala ng pananampalataya natin si Cristo sa piling natin.

137 Sinabi Niya sa—sa Lucas, sa ika-17 kabanata, "Sa huling mga araw kapag ang Anak ng tao ay inihahayag na, magiging panahon 'yun na gaya ng Sodoma at Gomorra." Nakikita na natin 'yan na nangyayari.

138 Sabi Niya, bago mangyari ang panahon na 'yun, sa Malakias 4, na, "May isang Mensahe na lalabas na magpapanumbalik sa mga tao tungo sa orihinal na Pananampalataya na minsanang

ibinigay sa mga tao." Sa tuwina'y programa ng Diyos na gawin 'yun. At pagkatapos magiging abo ang masasama, at lalakaran ng matutuwid.

139 Nakikita natin na ipinangako ang lahat ng ito. Naghihintay Siya ngayon mismo sa inyo, ikaw, ikaw, bawat isa sa inyo, na tawagin Siya sa eksena. Tawagin Siya sa eksena! Doon Niya gusto, ang matawag sa eksena para kumilos. Pansinin n'yo, kapag tatawagin n'yo Siya sa eksena, mangyaring sasabihin natin, "Gisingin natin Siya," pagkatapos, tatawagin Siya para patotohanan ang Kanyang Salita at ang—ang bagay na ipinangako Niyang gagawin, sa paraan na Kanyang. . . malalaman natin, sa kapahayagan ni Jesus Cristo sa huling mga araw, na magiging katulad sa mga araw ng Sodoma. Ipinangako Niya ang kapahayagan na 'yun sa Iglesya, kapag Siya'y inihahayag na. Kaya huwag kayong mag-alinlangan at matakot, Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

140 Narinig ko ang isang babae, minsan, noong nangungusap ako tungkol sa kung gaano Siyang kadakila. Sabi nung babae, "May isang bagay lang ako na maipupula sa turo mo, G. Branham."

141 Sabi ko, "Buweno, salamat, kung isang bagay lang 'yan." Sabi ko, "Umaasa ako—umaasa ko na ganoon lang din ang masumpungan ng Diyos." Tapos sabi niya, "Buweno, masyado mong ipinagmamalaki si Jesus."

142 Sabi ko, "Umaasa ako na 'yan lang ang bagay na maipupula sa akin." At—at sabi ko, "Kung tutuusin di ko pa nga Siya naipagmamalaki nang sapat talaga."

143 Sabi niya, "Oh, oo, ganoon ang ginagawa mo." Sabi, "Ginagawa mo Siyang Diyos." Isa siyang babae na di naniniwala na si Jesus ay Diyos. Isa siyang Christian Science. At sabi, "Ginagawa mo Siyang—ginagawa mo Siyang Diyos, ginagawa mo Siyang Diyos."

144 Sabi ko, "Alinman sa Siya ay Diyos, o ang pinakamalaking manlilinlang na nakilala ng mundo." Sabi ko, "Siya. . . "

145 Sabi, "Buweno, mapapatunayan ko sa'yo, sa pamamagitan ng Biblia mo, na hindi Siya ganoon. Isa lamang Siyang propeta."

Sabi ko, "Isa Siyang propeta, totoo naman 'yan, pero Siya'y Diyos, din naman."

Sabi, "Isa Siyang tao at mortal Siya."

Sabi ko, "Totoo rin, naman 'yan."

146 Sabi niya, "Sa daan Niya noon papunta para ibangon si Lazaro mula sa libingan, San Juan sa ika-11 kabanata, ang sabi dun, sinabi ng Biblia, 'Tumangis si Jesus.'"

Sabi ko, "Totoo 'yan."

147 Sabi niya, "Buweno, patunay 'yan na hindi Siya Diyos, haya't tumatangis kasi."

148 Sabi ko, “Oh, naku, ginang, ’yan na ba ang argumento mo?” Sabi ko, “Mahina po ’yan.” Sabi niya. . .Sabi ko, “Totoo, isa Siyang Tao noong umiyak Siya; pero noong ikilos Niya ang munti Niyang katawan, itinuwid ang munti Niyang mga balikat at nagsalita, ‘Lazaro, lumabas ka,’ at ’yung lalaki na patay na nang apat na araw, at nabubulok na sa libingan, ay tumayo sa kanyang mga paa at nabuhay muli, higit nga ’yun sa pagiging isang tao, Diyos ’yun mismo.”

149 Isa siyang tao, sa bangka rito noong gabing ’yun, noong naroon Siya sa dagat, kung saan sampung libong demonyo ng dagat ang sumumpa na lulunurin nila Siya. Yung munti’t lumang bangka na ’yun ay tinatangay na parang takip ng bote sa gitna ng maunos na dagat. Siya’y tao, pagod, natutulog. Pero noong ginising nila Siya at tinawag Siya sa eksena, isinampa Niya ang isang paa sa gilid ng bangka at tumingala, at nagsabi, “Pumayapa ka, tumahimik ka,” at tumalima ang mga hangin at mga alon sa Kanya. Higit pa ’yun sa pagiging tao. Ang Diyos ’yun.

150 Isa Siyang tao noong bumaba Siya mula sa bundok, na gutom, tumingala sa isang puno para maghanap ng makakain. Isa Siyang tao noong Siya’y nagutom. Pero noong kunin Niya ang limang tinapay at dalawang isda, at pinakain ang limang libo, higit nga ’yun sa pagiging tao. Ang Diyos ’yun na nasa taong ’yun.

151 Bawat tao na animo’y maitutumbas sa bunton ng gisantes, ay mga tao na naniniwala roon. Tama. Mga makata’t iba pa’y sumasampalataya roon, na ang Diyos ay nakay Cristo, na pinakikipagkasundo ang sanlibutan sa Kanya.

152 At ngayon si Cristo ay nasa Iglesya, na pinakikipagkasundo ang mga tao sa Diyos. Nangako Siya na gagawin ito. Nasusulat, na, “Siya’y siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.” Sinasampalatayanan n’yo ba ’yun? Sinasampalatayanan ko ’yun nang buong puso ko, na naghihintay lamang Siya ngayon para tawagin sa eksena. Ngayon ang tanging bagay na makatatawag sa Kanya sa eksena, ay ang gisingin natin Siya mismo, tawagin Siya sa eksena.

153 Siya ang pinakadakilang kaloob na ibinigay ng Diyos kailanman sa mundo. “Gayon na lamang ang pagsinta ng Diyos sa sanlibutan na ibinigay Niya ang Kanyang bugtong na Anak; na ang sinumang sumasampalataya sa Kanya’y hindi mapapahamak; may Buhay na Walang Hanggan.” Masdan n’yo ang Diyos at ang Kanyang kaloob. Ngayon, ginagamit ng mga tao ang kaloob ng Diyos.

154 Isang munting babae, minsan, ang nanampalataya roon, na si Jesus ang kahayagan ng Diyos sa laman. At sabi nung babae, “Kung mahihipo ko lang ang Kanyang damit, ako—ako—ako’y gagaling.”

155 Ngayon, hinipo nung babae ’yung Kanyang damit. At bumaling Siya, at nagsabi, “Sinong humipo sa Akin? Kita n’yo, may bisa, may lakas, na lumabas sa Akin.” Hinipo nung babae ’yung Kanyang damit. Ang babae ’yun na ginagamit ang kaloob ng Diyos. Kita n’yo? Nanghina si Jesus dahil dun.

Pero noong lumayo Siya mula sa tahanan ni Lazaro . . .

156 Tandaan n’yo, sa San Juan 5:19, sabi ni Jesus, “Katotohanan, katotohanang, sinasabi Ko sa inyo, hindi makagagawa ang Anak ng anuman sa Kanyang Sarili, kundi ang makita Niyang gawin ng Ama.” Tandaan n’yo, hindi kailanman gumawa ng isang himala si Jesus Cristo, hindi kailanman gumawa sa paraan ng sobrenatural, hanggang makita Niya muna sa isang pangitain kung anong gagawin. Ilan ang naniniwala na ’yan ay katotohanan? San Juan 5, “Katotohanan, hindi kung anong marinig Ko, hindi kung anong sinasabi ng kung sino sa Akin; bagkus ang makita Kong gawin ng Ama, ’yun din ang gagawin ng Anak.” Ngayon kung hindi ’yun ganoon, mangyaring ang iba pa sa Kasulatan ay hindi pala ganoon. “Katotohanan, katotohanang, sinasabi Ko sa inyo, hindi makagagawa ng anuman ang Anak sa Kanyang Sarili; kundi ang nakikita Niyang ginagawa ng Ama, gayon ang ginagawa ng Anak. Gumagawa ang Ama, at Ako’y gumagawa hanggang ngayon.” Sa madaling salita, kumikilos lamang Siya, ginagawa ang bagay na sinabi sa Kanya ng Diyos na gawin.

157 Ngayon, alalahanin n’yo, noong umalis Siya mula sa tahanan ni Lazaro, lumayo Siya nang ilang araw. Nagkasakit si Lazaro, at ipinatawag nila Siya. Hindi Siya pumunta. Lumipas ang dalawang araw, lumubha ang sakit ni Lazaro. Kaya ipinatawag nila uli Siya, hindi pa rin Siya pumunta. Pagkatapos noong takdang panahon na, ipinakita ng Ama sa Kanya kung anong mangyayari, namatay si Lazaro. At bumaling Siya, noong mamatay si Lazaro, ang sabi, “Patay na si Lazaro, at ikinagagalak Ko dahil sa inyo na wala Ako roon.” Gusto kasi nila na ipanalangin Niya si Lazaro, at kung ano pa. Ginawa lamang Niya kung ano ang sinabi ng Diyos sa Kanya na gawin, kung ano ang nakita Niya, na isang pangitain. Kita n’yo, nakakita Siya ng isang pangitain kung anong dapat gawin. “Subalit pupunta Ako’t gigisingin siya.” Hum! Hayan nga.

158 Masdan n’yo si Marta na sumalubong para makita Siya. Sabi niya, “Panginoon, kung narito Ka sana, hindi sana namatay ang kapatid ko. Pero maging ngayon, anuman ang hingin Mo sa Diyos, ay ipagkakaloob sa Iyo ng Diyos.” Kita n’yo?

159 Alam na Niya ang gagawin Niya. Masdan n’yo Siya sa may libingan ni Lazaro. Sabi Niya, “Ama, nagpapasalamat Ako sa Iyo na Ako’y Iyo nang dininig, pero sinasabi Ko lang ang mga ito para sa mga nakapalibot dito.”

160 "Lazaro, lumabas ka!" At si Lazaro'y nagbangon mula sa mga patay.

161 Ngayon, wala Siyang sinabing anuman doon tungkol sa panghihina. Ang Diyos kasi 'yun na ginagamit ang kaloob Niya. At ang paggamit ng mga tao sa kaloob ng Diyos ay iba.

162 Dahil, Siya ang Salita. "At ang Salita ay mas matalas kaysa sa tabak na may dalawang talim," sabi ng Biblia, "at kumikilala ng mga pag-iisip at mga haka ng puso." Patunay 'yun na ang Diyos ay nasa kalagitnaan ng mga tao. Oo. Sampalatayanan natin ito. Nakahanda na Siya, ayon sa Kanyang Salita, na tawagin sa eksena, ngayong gabi.

163 Ilan po ang narito na may sakit at nangangailangan, itaas n'yo ang mga kamay n'yo. Patingin ng mga kamay n'yo, kung ilan ang may sakit at nangangailangan, saan man. Buweno, ang tanging bagay na hinihintay Niya ay ang tawagin sa eksena. Humiling lamang kayo sa Kanya.

164 Ngayon paano kaya kung nakatayo Siya rito na suot itong amerikanang ito na ibinigay Niya sa akin, tapos lalapit kayo sa harapan Niya at magsasabi, "Panginoong Jesus, nais ko pong pagalingin Mo ako," alam n'yo ba ang sasabihin Niya? "Ginawa Ko na."

165 "Siya'y nasugatan dahil sa ating mga pagsalangsang; sa Kanyang mga latay tayo'y gumaling." Hindi na Niya ito maaaring gawin sa ikalawang pagkakataon. Kaya, kita n'yo, ginawa na Niya ito. Kinakailangan n'yo na lamang itong sampalatayanan. Wala kayong magagawa, na kahit anong bagay sa ganang sarili n'yo, para—para kamtan ang kaligtasan o kagalingan n'yo. Hindi ito sa ganang sarili n'yo. Isa itong libreng kaloob ng Diyos. Kita n'yo, biyaya ito, isang libreng kaloob. Kung bibigyan ko kayo ng isang milyong dolyar at aayusin n'yo ang kurbata ko; hindi ko 'yun bigay sa inyo; pinagtrabahuan n'yo 'yun. Kita n'yo? Libre ang kaloob ng Diyos. Ang tanging bagay na kailangan n'yong gawin ay sampalatayanan ito, na binili na Niya ito para sa inyo, inyo. Siya. . .Nabili na ito. Siya ang may gawa nito para sa inyo. At walang tao sa mundo. . .

166 Hindi ko alam kung anong mayroon sa inyo rito sa Baton Rouge. Lahat ng kung anu-anong bagay ay bumabaha sa bansa, mga panggagaya at ganoon. Alam natin na magkakaganoon naman talaga. Anupa't kung may susulpot na tao at sasabihin sa inyo na may kapangyarihan siya para pagalingin kayo, aba'y nagsisinungaling ang taong 'yun. Ang Diyos lamang ang may kakayahan para magpagaling. "Ako ang Panginoon mong Diyos na nagpapagaling ng lahat mong karamdaman." Hindi Siya nakikibahagi ng kaluwalhatian Niya sa kaninuman. Walang tao ang may kapangyarihan para magpagaling.

167 Pero may mga tao na may mga kaloob para ihayag ang Diyos. Ang pastor n'yo [Umubo si Kapatid na Branham—Pat.]

(Paumanhin po.), magagawa niyang ihayag ang Diyos, sa pamamagitan ng isang kaloob ng—ng pagiging guro, kaya niyang ipaliwanag ang Salita kaya naman ang bunsod ay nakikita n'yo Ito. Kung may mga mata kayo na magagamit n'yo para makakita, makikita't makikita n'yo ito. Ganoon din sa iba pa, marahil sa iba pang kaloob. Pero sa tuwina'y may kaloob na inihahayag ang Presensya ng Diyos, at, sa pamamagitan nun, kayo mismo'y marapat lang na manampalataya rito.

168 Maaaring lumapit dito sa altar ang isang makasalanan bilang kabataang lalaki o babae, na katorse ang edad, at hahatiran kayo ng mga pagkain n'yo rito, at iiyak kayo sa Panginoon, hanggang sa mag-siyamnapung taong gulang kayo, ano't hindi pa rin kayo maliligtas. Anupa't kailangan n'yo munang tanggapin ang ginawa Niya para sa inyo. Kita n'yo? Kinakailangan n'yong tanggapin 'yun, mismo. Pagkatapos kapag natanggap n'yo na ito, hayan nga na Siya ang Dakilang Saserdote, tagapamagitan, para mamagitan sa pagpapahayag n'yo ng sinasampalatayanan n'yo.

169 Ngayon ganoon din ang bagay na ito sa pamamagitan ng kaloob. Inilalayo nito ang pansarili n'yong pag-iisip, at saka n'yo makikita kung anong sinasabi Niya na dapat gawin.

170 Nakikita ko ang mga tao na nagpupunta sa entablado, nagtatatalon sila't sumisigaw, at sinasabi, "Oh, Kapatid na Branham, kamit ko ang lahat ng pananampalataya sa mundo." Anong ginagawa n'yo rito sa itaas, kung ganoon? Kita n'yo? Emosyon 'yun—'yun, at hindi pananampalataya.

171 Walang alam na pagkagapi ang tunay na pananampalataya. Nagawa na. Tapos na. Ang Diyos ang nagsabi, at 'yun na 'yun, kita n'yo. "Diyos ang nagsabi!" Ngayon ganoon din 'yun, anumang oras. Kapag talagang sumasampalataya kayo rito, hihipo 'yun sa Kanya.

172 Ngayon 'yung munting babae na humipo sa Kanyang damit, sabi niya, "Kung mahihipo ko lamang ang Kanyang damit, gagaling ako," at ginawa nga niya. At noong isagawa niya kung ano 'yung gustong ipagawa sa kanya ng pananampalataya niya, "hipuin mo," naramdaman ni Jesus 'yun, kita n'yo, at humarap Siya't kinausap ang babae.

173 Ngayon, Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Kung sasampalataya lamang kayo kay Cristo, manampalataya! Hayaan n'yo ang pananampalataya n'yo na mahipo ang Kanyang damit. At Siya, ngayon mismo, ang Dakilang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa ating mga kahinaan. Alam nating lahat 'yan. At kung Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman, marapat lamang na kumilos Siya ngayon nang gaya ng ikinilos Niya kahapon kung Siya'y siya ring Dakilang Saserdote. Ngayon maaari n'yo bang sampalatayanan na? Manampalataya lamang sa Diyos.

174 Kung magsasabi ako sa inyo ng kasinungalingan, haya't di 'yun pagtitibayin ng Diyos. Pero sinabi ko na sa inyo ang Katotohanan, kaya Kanyang—Kanyang pagtitibayin Ito. Obligado Siya na patunayan ang Katotohanan.

175 Sabi ni Jesus, "May saksi Ako." At ang saksi na 'yun ay ang Salita ng Diyos, tunay nga. Sabi, "May mga Kasulatan na nagpapatotoo ukol sa Akin. Kung hindi nagpapatotoo ang mga ito ukol sa Akin, kung ganoon ay huwag ninyo itong sampalatayanan." Kita n'yo?

176 At kung hindi nagpapatotoo ang Mga Kasulatan sa sinasabi ko sa inyo ngayon, na, "Siya'y siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman," kung ganoon ay huwag n'yong paniwalaan ang Kasulatan. Dahil, sinabi ng Kasulatan na Siya nga, at ipinangako Niya ang mga bagay na ito para sa huling kapanahunan na ito. Alalahanin n'yo, sa dulo mismo ng kapanahunan ng Judio, sa ganoong paraan Niya ihahayag ang Kanyang Sarili, sa pagiging Mesiyas. Sa dulo ng—ng kapanahunan ng mga Samaritano, ganoon din ang ginawa Niya. Ngayon ito na ang dulo ng kapanahunan ng Gentil. Siya'y siya ring kahapon, ngayon, at magpakailanman.

177 Gisingin n'yo Siya sa inyong budhi, tawagin n'yo Siya sa eksena, habang iniyuyuko natin ang ating mga ulo.

178 Makalangit na Ama, isang Salita lamang mula sa Iyo ngayon ay magiging sapat na, Yun po ang lahat-lahat na kailangan namin, isang Salita lamang mula sa Iyo. Malinaw nawang maunawaan ng mga tao kung ano ang inaabot, kung ano ang sinisikap naming gawin, Panginoon, na 'yun po'y ang—ang makamtan nila ang mga benepisyo ng Panginoong Jesus na kanilang iniibig at pinaglilingkuran, nawa'y gawin nila ito ngayong gabi, Panginoon, dahil ang Iyong kamatayan ay hindi walang kabuluhan, Ikaw ay "nasugatan dahil sa aming mga pagsalangsang, nabugbog dahil sa aming kasamaan, ang parusa ng tungkol sa kapayapaan namin ay nasa Kanya, at sa pamamagitan ng Kanyang mga latay ay nagsigaling kami." Dalangin ko, Diyos, na ang bawat isa na narito, sa Makalangit na Presensya, ay maunawaan ito at makamit ang pangitain, at magsigaling para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sa pamamagitan ng Pangalan ni Jesus Cristo, inihaharap ko ang sarili ko kasama ng kongregasyong ito, para sa Kanyang karangalan at ikaluluwalhati. Amen.

179 Ngayon magpitagan lamang nang husto, sa loob ng ilang minuto. Ngayon isang Salita lang mula sa Kanya'y higit na ang halaga kaysa sa lahat ng masasabi ko, o masasabi ng sinumang iba pa, dahil Siya ang gumagawa nito. Siya lang ang Isa na 'yun. Siya ang Gumagawa, at nagtitiwala tayo na ang—ang Panginoong Jesus ay ipagkakaloob ang mga bagay na ito sa inyo ngayon, sa bawat isa.

180 Ngayon tingnan natin kung anong oras na. Naku't hindi ko namalayan. Sasabihin ko sa inyo, para makalabas tayo rito nang tama sa oras, na inaasahan natin, haya't wala na tayong oras para magtawag ng pila. Tumawag na lang tayo mula rito mismo sa mga tagapakinig.

181 Ngayon kunin lang natin ang Kasulatan, pansumandali lang. Ngayon ipinapangako ng Biblia, sa araw na ito, na ang pag-uulit ng Sodoma at Gomorra'y mauulit. Ilan ang naniniwala riyan ngayon, itaas n'yo ang kamay n'yo? Kinikilala 'yan ng Biblia ngayon.

182 At pagkatapos ano uli 'yung nasa Sodoma at Gomorra noon? Ang Diyos na nasa anyong tao. At ang paraan kaya napagkilala ito ni Abraham, ay noong sabihin Niya, "Bakit tumawa si Sarah sa loob ng tolda, sa likod? O, bakit niya pinag-aalinlanganan ito, itong mga Salita na sinalita Niya na mangyayari?" Natatalos Niya kung ano ang iniisip ni Sarah, sa likod Niya. Ngayon tingnan n'yo kung hindi ba't ganoon nga.

183 Ngayon, hindi 'yun para sa iglesya ng Babilonia, o iglesya ng Sodoma. Hindi, hindi. Hindi 'yun para sa kanila na mga nasa hanay ng denominasyon. Hindi, po, hindi kailanman pupunta sa kanila. May mensahero sila. Kita n'yo?

184 Kundi sa hinirang na Iglesya, sa super na Binhi ni Abraham na inaasahang sasampalataya sa Salita kahit na ano pa ang kalagayan, "Tinawag ni Abraham ang mga bagay na hindi pa hayag na tila hayag na." Sinabi 'yun ng Diyos, at sinampalatayanan Niya 'yun. Ngayon, kaibigan, alam ko—alam ko na obligado ang Diyos sa Salitang ito, na tuparin Ito.

185 Ngayon nais kong kayo, nasaan man kayo sa loob ng gusali, na maupo na nagpipitagan sa loob lamang ng ilang sandali, saan man kayo nakapuwesto. At manampalataya, manampalataya lamang nang buong puso n'yo.

186 Ngayon kung kaya ko kayong pagalingin, kung kaya kong pagalingin ang munting batang babae na ito na kinahahabagan ng puso ko, kung mapapagagaling ko lang ang munting indibiduwal na 'yun na nakaratay roon, ako'y—ako'y—ako'y gagapang—ako'y gagapang mula rito hanggang Polong Hilaga, kung mabubunsod lang ako, na gawin 'yun, o sinuman na may makataong damdamin. Pero ang magagawa ko nga'y wala mismo. Marahil ang ilan sa inyo riyan ay di na mabubuhay pa nang matagal, dahil sa kanser. Kung kaya ko kayong pagalingin, ako'y magiging. . .Hindi ako nararapat na tumayo sa entabladong ito kung kaya kong gawin 'yun tapos hindi ko gagawin. Ngayon, hindi ko kaya. Pero nahahabag ang puso ko para sa inyo. Gagawin ko kung magagawa ko, pero di ko po kayang gawin. Walang sinupamang iba ang may kayang gawin ito. Tama. Pero, kita n'yo, tapos na itong gawin ni Jesus.

Kita n'yo? At sinisikap lamang Niya na kayo'y ibunsod na manampalataya roon. Pero kayo'y . . .

187 Nahahabag ako sa mga tao. Napakaraming mga bagay ang sadyang bumubulag sa kanila, sa gawi *rito* at sa gawi *roon*, hanggang sa, kaawa-awa talaga ang mga tao, na parang mga tupa na walang pastol, halos. Hindi nila alam kung anong gagawin. Sinasabi ng isa na *ganito* raw tapos sinasabi ng isa na *ganoon* daw. Huwag n'yong isipin kung ano ang sinasabi-sabi ng tao. "Lipas na ang mga araw ng himala. Walang ganyang bagay na gaya ng bautismo ng Espiritu Santo."

188 At, tandaan n'yo, sinabi ni Pedro, sa Araw ng Pentecostes, "Ang pangako ay sa inyo at sa inyong mga anak, at sa kanila na mga nasa malayo, maging ilan man ang tawagin ng Panginoon nating Diyos." Kita n'yo?

189 Ipinangako ni Jesus na mangyayari ang mga bagay na ito sa huling mga araw, na babalik ang Diyos sa anyo ng katawang-tao, gaya n'yo at ako rito ngayong gabi, at gagawin ang siya ring bagay na 'yun bago wasakin ang mundo. At ang sanlibutan ay magiging parang isang Sodoma. Kita n'yo? Ngayon nasa kondisyon na tayo mismo ng Sodoma; bawat posisyon, bawat tao, lahat mismo'y nakaposisyon na nang saktong-sakto.

190 Ngayon hindi ba't kaya ng pananampalataya natin na makaabot dun? Hindi ba't maaari natin Siyang tawagin sa eksena? Tawagin n'yo Siya sa eksena. Ang pananampalataya n'yo ang tanging makagagawa nito. Ngayon manampalataya kayo nang buong puso n'yo, bawat isa sa inyo ngayon.

191 At may gusto akong itanong sa inyo. Kahit walang mga prayer card, . . . -wala mang palalapitin dito, kung bababa rito ang dakilang Espiritu Santo, at sa pamamagitan ng pahid sa inyo at ng pahid sa akin, at mapagkikilanlan na si Jesus Cristo ay kumikilos sa gitna natin gaya nito, ano pang gagawin Niya? Wala nang iba pang pangako sa Biblia, na mas mataas dun. Yun na ang pinakamataas na pangako. Ilan ang nakakaalam nun? Tunay, ito nga. Ito na 'yung—ito na 'yung huling bagay sa kapanahunan ng iglesya.

192 Ang mga Judio, sa panahon ng Kapighatian, at sa . . . nagkaroon sila ng isang—isang pagdalaw roon, pero wala sa iglesyang Gentil.

193 Ito na ang huling bagay na ipinangako sa Gentil. Yan po ang totoo. Kita n'yo, mga Gentil ang naroon sa Sodoma, na susunugin. At heto, narito ang—ang Nobya, ang Maharlikang Binhi ni Abraham, bilang ang Nobya na tinawag palabas mula sa gitna ng mga Gentil. Yun ang panghuling tanda ukol sa kanila, lahat-lahat.

194 Markahan n'yo sa aklat n'yo. Matanda na ako. Pero markahan n'yo lang sa aklat n'yo at tingnan n'yo kung mangyayari ito, o hindi. Kita n'yo, nasa dulo na kayo ngayon.

Kailan? Hindi ko alam. Hinihintay ko Siya ngayon. Kung wala Siya rito ngayon, hihintayin ko Siya bukas. Kung wala pa Siya bukas, maghihintay ako sa susunod na araw. Kung wala pa Siya rito ngayong taon, maghihintay ako sa Kanya sa susunod na taon. Alam ko na Siya'y darating. Hindi ko lang alam ang minuto o oras, pero alam ko na ang lahat ng mga bagay ay natupad na, nakahanda na para sa Pag-agaw. Tinawag na palabas ang Iglesya. Ito'y magiging isang lihim na pag-alis; basta na lang maglalaho, at 'yun na 'yun.

195 At magpapatuloy na parang wala lang ang sanlibutan, mangangaral ang mga tao, at inaakala ng mga tao na maliligtas sila, katulad na katulad mismo ng ginawa nila noong mga araw ni Noe, at iba pa. Pumasok si Noe sa daong, at patuloy lang ang mga tao, at umiinog ang mundo na parang wala lang. Isipin n'yo 'yun! At, Walang Hanggan na mapapahamak, pero iniisip nila na sila'y ligtas.

196 Isa sa mga araw na ito ay magdadala ako ng isang malaking tolda sa dako rito, at itatayo ito rito, para makapagdaos tayo ng mga gawain sa hapon, at mga pagtuturo, para mas maunawaan n'yo pa ang mga bagay na ito. Titipunin ang mga kapatiran natin para makapagdaos tayo ng mga gawain.

197 Ngayon kung tutuparin ni Jesus Cristo ang Kanyang pangako, kung ganoon obligado tayo na sampalatayanan Siya. Nais kong kayong lahat, bawat isa sa inyo, na magkaroon lamang ng payak na pananampalatayang tulad sa bata, para sumampalataya sa Kanya.

198 Ngayon habang unti-unti n'yong iniyuyuko ang mga ulo n'yo, haya't magsimula kayong manalangin, na sinasabi, "Panginoong Jesus, ngayon alam ko na di ako kakilala ng lalaking ito. At ako po'y nangangailangan. At ipinangaral sa amin na Ikaw ay isang Dakilang Saserdote na nahihipo't nahahabag sa aming mga kahinaan. Kung ibubunsod Mo lamang siya . . . Kung mahihipo ko lamang Ikaw, haya't magsalita Ka po sa pamamagitan niya, Panginoon, nang sa gayon aking, malaman kong siya'y . . . malaman kong Ikaw po ito. Alam kong hindi niya ako kakilala."

199 At 'yan po'y sa lahat ng mga tagapakinig, halo-halo po ang mga tagapakinig; may mananampalataya, may di-mananampalataya, may kunwang mananampalataya; may makasalanan, banal, at sama-sama na po.

200 Ngayon kailangan n'yong manampalataya. Ngayon kung gagawin Niya ito mula sa mga tagapakinig dito, nais kong ang bawat isa sa inyo na narito, ay magsabi, "Kapatid na Branham, alam ko—alam ko na—na Siya ito na nakatingin sa kongregasyon gaya ng ginawa Niya noong araw." Nais ko na kayo, kung tunay na sasampalataya kayo, nais kong itaas n'yo ang kamay n'yo, sabihin, "Panginoon, tatanggapin ko po ito nang buong puso

ko, na nananampalataya ako na ito'y si Cristo Jesus, batay sa Kanyang pangako." Sa buong gusali nga. Pagpalain kayo ng Diyos. Mabuti 'yan. Oh, nakakalungkot lang na wala tayong isang buwan para makapamalagi sana rito. Kita n'yo, hayaan n'yo lang. . . Ako'y bago sa inyo. Kita n'yo, mahirap po. Pero patuloy lamang kayong manampalataya.

201 Ngayon, isa itong Liwanag. Ang Diyos ay Liwanag, alam natin 'yan, Haliging Apoy. At ngayon manalangin lang kayo at hipuin Ito, at tumugon nawa ang Panginoong Jesus.

202 Ngayon inilalagay ko ang bawat espiritu rito sa ilalim ng aking pamamahala, sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa Kanyang kaluwalhatian. Ngayon magpitagan kayo nang lubos. Manalangin. Magpitagan kayo nang lubos.

203 Ngayon, heto na Ito. May isang ginang dito sa harapan ko mismo. Nakayuko ang ulo niya, at nananalangin siya para sa sarili niyang dinadalamhati. Kung gusto n'yong itaas ang ulo n'yo ngayon, narito siya sa harapan ko. Nananampalataya ka ba nang buong puso mo? Nananampalataya ka ba na kayang pagalingin ng Diyos 'yang diyabetis na 'yan at paigihin ka? Ngayon, 'yan ang mayroon ka, diyabetis. Hindi kita kilala. Ganap na estranghero ka sa akin. Pero nananampalataya ka ba na ako'y Kanyang lingkod? Kung—kung estranghero tayo sa isa't isa, itaas mo ang kamay mo, nang *paganoon*, para makita ng mga tao. Kita mo? Sige. Kita n'yo, heto ang ginang. At ngayon siya'y pinahihirapan ng sakit na diyabetis. At naniniwala ka ba na masasabi sa akin ng Diyos kung sino ka? Mabubunsod ka ba nito na sumampalataya? Ikaw si Gng. Martin. Kung tama, itaas mo ang kamay mo. Kita mo? Manampalataya ka lamang. Huwag mag-alinlangan. Manampalataya.

204 Ngayon ano ang hinipo niya? Gusto kong tanungin ang mga tagapakinig. Ano ang hinipo niya? Hayan ang isang babae na nakataas ang kanang kamay niya, at ang kamay ko, rin, sa harap ng Diyos. Kita n'yo? May hinipo siyang Isang Bagay. Isa lamang simpleng munting babae, kung tutuusin, sa totoo lang, ngayon tingnan n'yo kung hindi ba't ito ang katotohanan, nabigla siya. Hindi niya alam na may taglay siyang ganoong kalaking pananampalataya. Ang pananampalataya'y hindi isang bagay na gawa-gawa mo lang; bagay ito na taglay-taglay mo. Kita n'yo? Nabigla siya. Hayan nga ngayon na iba na ang pakiramdam nung babae kaysa sa nararamdaman niya kani-kanina. Alam niya na may bagay na napangyari sa kanya.

205 Heto, hindi n'yo ba nakikita ang Liwanag na 'yun? Hayan. Nakikita n'yo ba Ito sa ibabaw ng babaing ito rito, diyan mismo? Pinahihirapan ang babae ng. . . Nakayuko ang ulo niya. Nananalangin siya. Pero pinahihirapan siya ng sakit sa likod niya. Kung sasampalataya siya nang buong puso niya, gagaling siya sa sakit na 'yan sa likod. Tunay.

206 Mapapalampas niya ito, mangyari pa. Kita n'yo, patuloy pa ring kumikilos ang panalangin niya. Panginoon, tulungan Mo po ako. Gng. DeVille, ikaw po. Hayan ang biyaya. Nananalangin 'yung babae, hindi niya alintana ang anumang bagay, ni hindi niya naririnig ang sinasabi ko. Ngayon tanungin n'yo siya kung kilala niya ba ako. Hayan po ang babae, at 'yun ang suliranin niya.

207 Mangyaring ano ang hinipo niya? Yun ang pagpapatibay ni Jesus Cristo, ang Salita, na kumikilala ng mga pag-iisip na nasa puso.

208 Sumasampalataya ba kayo? Manampalataya lamang. Manalangin, saan man kayo. Manampalataya lamang. Yun lang ang kailangan n'yong gawin. Manampalataya lamang, manampalataya lamang na sinabi ko sa inyo ang Katotohanan. Ngayon, hindi ako Siya. Ako'y lingkod lamang Niya, lingkod lamang Niya.

209 Kung magkakaroon lamang kayo ng sapat na pananampalataya! Hindi ko matawag ang lalaki. Alam ko ang suliranin niya, pero, kita n'yo, sige't maghintay lang nang kaunti at baka magkaroon ng pagbabago. Tunay ngang hindi imposible, pero kailangan mong makawala mula sa kalagayang 'yan. Hindi siya makasampalataya para sa sarili niya. Kailangang may manampalataya para sa kanya.

210 Isang ginang ang pinahihirapan ng sakit sa bato. Hindi siya taga-rito. Siya'y taga-Mississippi. Kung sasampalataya siya nang buong puso niya, pagagalingin ng Diyos ang sakit sa bato. Gng. Palmer, kung sasampalataya ka nang buong puso mo, maaari kang gumaling mula riyan. Nilisan ka na nito. Nagliwanag sa ibabaw niya. Umalis na ito sa kanya. Manampalataya ka sa Diyos. Huwag kang mag-alinlangan.

211 May ginang na nakaupo sa tabi niya. Pinahihirapan siya ng artritis. Naniniwala ka ba na ako'y propeta ng Diyos, ginang? Nananampalataya ka? Nananampalataya ka ba na kung sasabihin sa akin ng Diyos kung sino ka, makatutulong ba 'yun sa iyo na manampalataya? Ang pangalan mo ay Gng. Meadow. Manampalataya ka nang buong puso mo ngayon, maaari kang gumaling, din naman.

212 Napag-alab nun ang isang ginang na katabi niya. Nakaupo rin siya, diyan. Hayan po Ito, sa ibaba mismo ng hanay. May ginang na nakaupo riyan, pinahihirapan siya ng . . . Katabi niya, pinahihirapan ng diyabetis, isang sugar diyabetis. Gusto nilang ipunta siya sa ospital, pero tumatanggi siyang gawin ito. May anak din siyang lalaki na ipinapanalangin niya, hayan nga. Wala rito ang anak na lalaki, pero nananampalataya ka ba na kayang sabihin sa akin ng Diyos kung anong suliranin sa anak mong lalaki? May sakit siya sa puso. Manampalataya ka, at pagagalingin ka Niya. Naniniwala ka ba na kayang sabihin ng

Diyos sa akin kung sino ka? Gng. Dufflee, D-u, dalawang f, l, dalawang e. Parang ganoon. . .Tama. Tama ba, itaas mo ang kamay mo, habang nakataas ang mga kamay mo. Sige. Ngayon manampalataya ka, at maaari kang gumaling na, rin.

213 Naniniwala ba kayo na 'yan din ang siya ring bagay na. . . Nananampalataya ba kayo na ang Presensya ni Jesus Cristo ay narito ngayon? Ilan ang tumatanggap nun? Oh, grabeng katiyakan! Grabeng katiyakan mismo!

214 Kita n'yo, anong ginawa n'yo? Ginising n'yo Siya. Dinala n'yo Siya sa eksena. Heto Siya sa eksena. Ngayon, walang kaso ano man ang ipinapahiwatig ng bangka. Tandaan n'yo, kaya Niyang sabihin, "Pumayapa ka, tumahimik ka."

215 Sinasampalatayanan n'yo ba ito nang buong puso n'yo? Kung nananampalataya kayo, tumayo kayo at tanggapin ito. Tumayo kayo at sabihin, "Sinasampalatayanan ko ito nang buong puso ko." Tumayo kayo mismo. "Nananampalataya ako ngayon." Ganyan nga, kahit ano pa ang suliranin sa inyo, tumayo kayo, Papurihan n'yo Siya.

216 Makalangit na Ama, idinudulog po namin sa Iyo ang mga tagapakinig dito. May kamalayan sila na narito Ka, Panginoon.

Nawa'y bawat diyablo, di-pananampalataya, nawa'y bumitaw ito sa pagkakasakmal nito, at nawa'y pagalingin kayong lahat ni Jesus Cristo.

217 Satanas, lumayas ka sa mga tagapakinig dito! Sa Pangalan ni Jesus Cristo, ikaw ay itinataboy.

64-0319 Pagtawag Kay Jesus Sa Eksena
Denham Springs High School
Denham Springs, Louisiana U.S.A.

TAGALOG

©2026 VGR, ALL RIGHTS RESERVED

VOICE OF GOD RECORDINGS
P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.
www.branham.org

Abiso Ukol Sa Karapatang Maglathala

Ang lahat ng karapatang maglathala ay saklaw ng may-ari lamang. Ang aklat na ito ay maaaring i-print sa home printer para sa personal na gamit o maipamahagi sa iba, nang walang bayad, upang magamit sa pagpapalaganap ng Ebanghelyo ni Jesus Cristo. Ang aklat na ito ay hindi maaaring ibenta, kopyahin nang maramihan, i-post sa website, i-store sa retrieval system, isalin sa ibang wika, o gamitin upang manghingi ng pondo nang walang inilalabas na kasulatang nagpapahintulot galing sa Voice Of God Recordings®.

Para sa karagdagang impormasyon o para sa iba pang ipinamamahaging materyales, kontakin lamang ang:

VOICE OF GOD RECORDINGS

P.O. BOX 950, JEFFERSONVILLE, INDIANA 47131 U.S.A.

www.branham.org